# *Pagkamit Sa Mga Pintuang-Bayan Ng Kaaway*

Magandang umaga, sa lahat. At ako'y nagagalak na makabalik muli sa umagang ito sa tabernakulo, para manalangin para sa mga maysakit ngayong araw na ito. Haya't, kadalasan, sinisikap natin na makapunta, nang mas madalas, at—at manalangin para sa mga tao na nanggaling pa sa iba't ibang lugar, para mapanalangin.

At ngayon kami'y aalis din maya-maya, ngayon, para puntahan ang mga pagtitipon sa California at Kanlurang Baybayin. At tunay po na hinihingi namin ang inyong mga panalangin, na ang Diyos ng Langit ay mahabag sa atin at pagkalooban tayo ng dakilang mga gawain.

Kararating ko lang, kahapon, o kagabi, pala, ginabi na masyado. At 'yung kahapon ay isa sa . . . Buweno, 'yung isang araw bago kahapon, at 'yung kahapon, ay isa sa pinaka katangi-tanging pula sa kalendaryo na mga araw ng buhay ko. Doon po'y, may kakilala akong dalawang tao, o tatlo, sa loob ng gusali na sumaksi sa pagbaba ng Panginoon, kahapon. At isa pong dakila't, kamangha-manghang bagay ang nangyari, na wala lang akong oras ngayong umaga para ikuwento sana sa inyo. Pero baka sa susunod na Linggo ng umaga, bago kami umalis, baka may panahon po ako sa pagme-Mensahe, para—para sabihin sa inyo. Kung loobin ng Panginoon, ako'y pupunta, para man lang makapanalangin para sa mga maysakit, sa Linggo ng umaga. Marahil hapon ang alis namin nun, kung maaari, papunta sa pagtitipon sa San Jose sa San Jose, California. At kung may mga kakilala kayo na malapit lang doon, sa Kanlurang Baybayin doon, na, naniniwala kami, na magiging 'yun na ang panahon marahil na hinihintay ko, nang matagal, na pagbabago sa aking pagmi-ministeryo na parating. At malapit na malapit na po talaga, inisip ko nga na 'yun na 'yung nangyari kahapon. At naniniwala ako na kaagad na 'yun ngayon, at 'yun po'y magiging higit sa anumang nakita na natin o narinig na natin, noon. Ngayon, alalahanin n'yo lang, ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? At kaya inaasahan natin 'yun, anumang oras.

At gaganapin natin ang pagtitipon doon sa mismong dako kung saan isinasagawa ang mga eksibisyon. Naniniwala ako na ganoon nga, di ba, Gene? Sa lugar kung saan itinatanghal ang mga eksibisyon doon sa San Jose, California. At 'yun po'y sampung-araw na pagtitipon, magsisimula ng ika-20, hanggang

ika-29, sa—sa San Jose. Ngayon, inyo lamang po kaming alalahanin at ipanalangin.

Ngayon mayroon na lang tayo, kung matatapos tayo sa oras, mga isa't kalahating oras na lang, para simulan ang ating mga gawain para sa pananalangin para sa mga may sakit at dalhin ang Salita. Pinili ko, sa umagang ito, ang isang munting sipi sa Kasulatan, dalawang dako sa Biblia, para ipangusap.

Pero bago tayo mangusap, iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali, para sa pananalangin.

2 Pinaka mabiyayang Diyos, may pagpapakumbaba po kaming dumudulog sa Iyong luklukan ng biyaya sa umagang ito, bilang mga di karapat-dapat na mga anak, pero dumudulog kami nang may di-nabahirang pananampalataya sa Diyos, na ipinagkaloob sa amin ng Espiritu Santo, at ng Kanyang palagiang Presensya na kasama namin. At sa pamamagitan ng isang pangako ng Panginoong Jesus, na kung kami'y makadudulog nang may pagpapakumbaba at hihilingin ang anuman sa Kanyang Pangalan, ipagkakaloob sa amin ang aming kahilingan. Kaya naman, hindi namin tinitingnan ang aming sariling mga nagawa, dahil alam namin na wala kaming ganoon, bagkus nakatingin kami sa mga nagawa ng Kalbaryo, kung saan ang nakamit naming biyaya ay ibinigay sa amin nang walang bayad ng Anak ng Diyos. At di namin mapigilan ang aming mga luha na gumuguhit sa aming mga leeg, kapag naiisip namin na kami, na mga di karapat-dapat na mga tao, at kung papaano na sa pamamagitan ng Kanyang biyaya doon sa Kalbaryo ay ginawa Niya 'yun para sa amin, nang sa gayon ay madala kami nang mas malapit pa sa Diyos, sa pakikipag-ugnay. At ngayon kami'y mga anak na lalaki't mga anak na babae sa Kanya.

3 At kami'y dumarako sa umagang ito, Panginoon, sa ilalim ng munting bubungan na ito, para ialay ang aming mga sarili, at para sa gawain, na ipinagtatapat ang aming mga pagkakasala, at—at mapasa Makalangit na pagsamba. Umaasa po kami na Ikaw ay sasama sa amin at pagkakalooban kami ng espirituwal na kabatiran ukol sa Iyong nalalapit na pagdating, nang sa gayon ay maihanda namin ang aming mga puso araw-araw para sa dakilang pangyayari na 'yun na inaasam namin nang libo-libong taon. Tunay po na ang buong kalikasan ay dumadaing, umiiyak para mapalaya. At ang mga espiritu sa kalooban namin, Panginoon, ay walang humpay na nagdedeklara, na, "Kami'y mga manlalakbay at mga taga-ibang bayan, at hindi ito ang aming tahanan, bagkus ay inaasahan namin ang isang Bayan na ang Nagtayo at Gumawa ay Diyos." Kami'y nakatuon para sa dakilang panahon na 'yan na parating.

4 Panginoon, isasadiwa po namin na ang mga pagtitipon na ito, sa amin pong pagtitipon-tipon dito, ay ipanalangin ang Iyong mga anak na may sakit at nagdadalamhati. At hinihiling

namin na Iyong katagpuin kami sa araw na ito sa isang napaka espesyal na paraan, para pagalingin ang lahat ng mga sakit at karamdaman sa kalagitnaan namin. At mangyari nawa, Panginoon, na ang pangakong ito na akin pong ipinapangusap noon, sa pakikipagtagpo sa Iyo doon kahapon, pagkatapos lamang na magliwanag ang araw, at kung papaano Mo po pinagtibay 'yun nang paulit-ulit. At nararamdaman na po namin na nalalapit na ang oras. At nawa'y maging ito na 'yung araw na ito, Panginoon, na ito'y mangyayari, na Iyo pong babaguhin na ang ministeryo, Panginoon, para maging isang bagay na magiging mas higit na mapagbiyaya sa Iyong mga hirang.

5 At ngayon, Diyos Ama, hindi lamang po ang mga narito ang ipapanalangin namin, kundi maging sila na mga nagkalat sa buong mundo, na mga nangangailangan, kapwa sa espirituwal at pisikal. Iyo pong ipagkaloob sa kanila, Oh Panginoon, ang mga nais ng kanilang mga puso, dahil ang Iyo pong mga anak ay nagpapakasakit sa mga araw na ito. Ang pagpapahirap ng kaaway ay ganoon na lamang kalakas, pero Ikaw po'y lalong mas malakas. Sapagkat nasusulat po, "Lalong mas dakila Siya na nasa inyo kaysa sa kanya na nasa sanlibutan." Sa pamamagitan po nito ay kami'y nakakapanagumpay. Ikaw po'y mangusap sa amin sa pamamagitan ng Iyong nasusulat na Salita. At sa aming pag-uwi sa umagang ito, nawa ay masabi namin gaya nila na mga nanggaling ng Emaus, "Hindi baga't ang mga puso nati'y nag-aalab sa loob natin noong nakikipag-usap Siya sa atin sa daan?" Haya't amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus, na Siyang nagbigay ng pangako. Amen.

6 Ako'y magbabasa na po ngayon mula sa dalawang dako sa Aklat ng Genesis. Ang isa rito'y matatagpuan sa ika-24 na kabanata, simula sa ika-56 na talata, ganito po ang mababasa rito.

> *At sinabi niya sa kanila, Huwag ninyo akong pigilin, yamang pinagpala ng* PANGINOON ang *aking lakad; papagpaalamin na ninyo ako upang ako'y umuwi sa aking panginoon.*
>
> *At kanilang sinabi, Tatawagin namin ang dalaga, at uusisain namin sa kaniyang bibig.*
>
> *At kanila ngang tinawag si Rebekah, at kanilang sinabi sa kaniya, Sasama ka ba sa lalaking ito? At sinabi niya, Sasama ako.*
>
> *At kanilang pinapagpaalam* si Rebekah na kanilang kap-. . .*kanilang kapatid, at ang kaniyang yaya, at ang alilang katiwala ni Abraham,. . .*
>
> *At kanilang binasbasan si Rebekah, at sinabi nila sa kaniya, Kapatid namin, maging ina ka nawa ng yutayuta, at kamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan niyaong mga napopoot sa kanila.*

7 At sa Genesis 22, sa ika-15 talata, mababasa natin.

> *At tinawag ng anghel ng* P*ANGINOON si Abraham nang ikalawa mula sa langit,*
>
> *At sinabi, Sa aking sarili ay sumumpa ako, anang* P*ANGINOON, sapagka't ginawa mo ito,* at hindi mo *itinang-. . .itinanggi sa akin ang iyong anak,* iyong *bugtong na anak:*
>
> *Na sa pagpapala ay pagpapalain kita, at sa pagpaparami ay pararamihin ko ang iyong binhi na gaya ng mga bituin sa. . .langit, at gaya ng mga buhangin. . .sa baybayin ng dagat; at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kaniyang* kaaway;
>
> *At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka't sinunod mo* ang *aking tinig.*

8 Ngayon nawa'y idagdag ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbabasa ng Kanyang mga Salita. Ngayon nais kong kunin, kung tatawagin itong isang teksto, ang aking paksa sa umagang ito, una, ay, "Pagsubok sa harap ng ipinangakong mga pintuan." At ang paksa ay: *Pagkamit Sa Mga Pintuang-Bayan Ng Kaaway.*

9 Sinusubok ng Diyos ang patriyarka, dahil binigyan Niya siya ng isang pangako. At sa tuwing nangangako ang Diyos, nais Niyang siguraduhin na ang taong ito ay karapat-dapat sa pangako, bago Niya tuparin ang Kanyang sinabi o Kanyang ipinapangako. Mangyari nga na si Abraham ay pinangakuan na sa pamamagitan ng kanyang binhi ang buong mundo'y pagpapalain, na siya'y magkakaroon ng isang anak na lalaki. At, ang anak na lalaking ito, mula sa kanya ay sisibol ang isang Binhi na pagpapalain ang buong mundo. At si Abraham, noong ibigay sa kanya ang pangako, siya'y pitumpu't limang taong gulang na noon; at si Sarah, na kanyang asawa, ay animnapu't limang taong gulang na noon. Pero sinabi sa atin ng Biblia na si Abraham ay hindi nag-alinlangan sa pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng di-pagsampalataya, bagkus ay lumakas pa't, nagbibigay papuri sa Diyos. At ang Diyos, muli't muli, ay sinubok siya, anupa't dumating siya sa huling pagsubok bago mangyari ang pagpapala.

10 At ganoon 'yun sa lahat ng Binhi ni Abraham. Ibinibigay ng Diyos sa atin ang huling pagsubok na 'yun bago Niya ibigay ang pangako. At kung maaari po, may gusto akong sabihin dito, na personal, pero ibibimbin ko muna. Hayun nga ang huling pagsubok, para makita kung paano ang reaksyon n'yo rito. At nung ibigay na Niya kay Abraham ang pagsubok na ito, nasumpungan Niya si Abraham na sadyang tapat mismo kung papaano siya noon sa pasimula. Grabeng pagpapala nga ito sa umagang ito kung tayo na humahawak sa Kanyang pangako ng pagpapagaling ay titindig nang sadyang tapat gaya

ng pagkakatayo natin dito noon at tatanggapin ito. Kahit na ano pa ang sabihin ng doktor, nakatindig pa rin nang sadyang tapat.

11 At noong gawin ni Abraham ito, at hindi ipinagkait ang sarili niyang anak, bagkus ay isasaksak na niya sana noon ang kutsilyo sa dibdib ni Isaac, para wasakin ang kanyang patotoo. Kanyang pinatotoo na 'yun, sa buong kilalang lupa noon na nalalaman niya, na siya'y magkakaroon ng anak na lalaking ito. At pagkatapos noong dumating na ang anak, siya'y sinabihan na bumaling pabalik, at wasakin ang tanging pag-asa na mayroon siya para sa kanyang patotoo na matupad. At noong makita ng Diyos na siya'y tapat sa pananampalataya na 'yun na mayroon siya sa Diyos, tumunghay ang Diyos mula sa kalangitan at ang sabi Niya, "Sa Aking Sarili'y sumumpa Ako na Aking pagpapalain ka at pararamihin ka, at kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Grabeng pangako!

12 At si Rebekah, na siyang magiging nanay para sa kinikilala't, ipinangakong, hinihintay na anak na lalaki, noong siya'y tawagin para sa huling pagsubok, na may isang estrangherong lalaki na hindi pa niya nakikita kailanman. Ang tanging nakita lang niya ay ang pagkilos mismo ng Espiritu Santo. At nung ang kanyang mga magulang ay di makapag-desisyon nang buo kung siya ba'y sasama sa estrangherong ito o hindi, para maging asawang babae ng isang lalaki na hindi pa niya nakikita kailanman, haya't siya'y dinala mismo sa isang huling pagsubok. "Sige't dadalhin namin ang dalaga at siya ang pagsasalitain. Kami'y makikinig sa kung ano ang mamumutawi sa kanyang bibig kung siya'y sasama, oo ba o hindi."

13 Sa ganoong paraan nga ito dinadala sa lahat ng Binhi ng Diyos. Kinakailangan na mamutawi sa bibig n'yo mismo. Nais ng Diyos na marinig mula sa inyo mismo.

14 Kaya noong subukin siya, hindi siya nag-atubili maski isang minuto. Sabi niya, "Sasama ako." Gusto ko 'yun. Hindi 'yung, "Sige po't pag-iisipan ko muna. Pag-aaralan ko po muna." Siya'y ganap na kumbinsido. Ganyan ang mga tao na magagamit ng Diyos, kapag kayo'y ganap na kumbinsido na tutuparin ng Diyos ang Kanyang pangako. Ang sabi, "Sasama ako."

15 At ang kanyang mga kaanak, na mga pinahiran, marahil walang kamalay-malay, pero sila nga'y nagpropesiya't ipinatong nila ang kanilang mga kamay sa kanilang kapatid na babae, at kanilang anak na babae; dito sa maganda't, kabataang babae na Judio, at pinasakay nila siya sa isang kamelyo at pinadala siya sa isang dayuhang lupain, dadako sa gitna ng mga dayuhan. Pero may kung anong Bagay na nasa kanila. Ang sabi nila, "Kamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanilang kaaway. Maging nanay ka sa makalibo't milyon-milyon."

16 At, ngayon, ang lahi na 'yun ng tao at bayan ng Diyos ay nagkalat sa kakapalan nang dagat sa dagat, sa buong

mundo. Sa pagkabuhay na mag-uli sila'y magiging gaya sa mga bituwin sa Langit, habang sila na nagniningning na mga liwanag ay dadako sa kanilang posisyon, sa kanilang pagtugaygay sa sangkalangitan. At sa pagdating nila, sila'y magiging gaya sa mga dagat sa tabi ng . . . o mga buhangin sa tabi ng dagat. Hayan sila na makalibo't milyon-milyon ang bilang nila.

17 "Kakamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Yan ang sinumpaang pangako ng Diyos, "Ang binhi ni Abraham."

Pagkatapos, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu Santo, yamang nakikita na ang nanay ay magiging bahagi ng anak, din, dahil sila'y kabahagi sa laman. Pagkatapos, ang Espiritu Santo na kumikilos sa mga taong ito, ang sabi, "Siya . . . Kakamtin ng iyong Binhi ang pintuang-bayan ng kaaway." Pagkatapos, nanumpa ang Diyos na Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway, kaya kung ganoon sa anong posisyon nun inilalagay ang Iglesya ng buhay na Diyos?

18 Tayo'y Binhi ni Abraham. Dahil, tayo, yamang patay na kay Cristo, tayo'y, kabilang sa Binhi ni Abraham at tagapagmana kasama siya, sa ilalim ng siya ring isinumpang pangako. Tayo'y Binhi ni Abraham, at mga tagapagmana ng bawat pangako na ibinigay sa kanya. Pero sa pagdating ng mga pagsubok, diyan nga tayo bumabagsak. Pero naniniwala ako na ang tunay na Binhi ni Abraham ay hindi mabibigo. Titindig sila nang kasing giting at kasing tapat gaya noon ni Abraham.

19 Ngayon nakita natin na ang Diyos ay hindi maaaring magsabi ng kung ano o—o gumawa ng kung anong pangako maliban na Kanyang tutuparin ito. Marapat lamang na ganoon ang gagawin Niya upang maituring na Diyos. Pagkaraan ng mga taon, noong ang siya ring bayan na ito, mga taong pinangakuan, ang binhi ni Abraham ay nasa kanilang paglalakbay, papunta sa isang—isang ipinangakong lupain, may nakahambalang dun na isang pintuang-bayan, at 'yun ay nasa harapan niya, at 'yun ang kanyang sariling kapatid, ang Moab, na nagsabi, "Hindi kayo maaaring tumawid sa aking lupain. Sisiguraduhin ko na hindi kayo maaaring tumawid sa aking lupain."

20 Sabi naman niya, "Kung sasabsabin ng aming bakahan ang alinman sa inyong damo o kung iinom sila sa alinman sa inyong tubig, babayaran namin ito."

Pero sabi niya, "Hindi kayo maaaring tumawid sa lupain na ito."

21 Pero totoo ang pangako ng Diyos. Kaya ang mga 'yun ay humayo at pinuntahan ang kanilang propeta, si Balaam, at isinugo siya para sumpain ang mga taong ito. At heto ang kanyang sinabi. Pinagsikapan nilang ilantad ang pinaka masamang bahagi ng pinagpalang binhi, pero ipinakita sa kanya ng Diyos ang pinaka mainam na bahagi nito. Sabi niya,

"Sinuman ang sumumpa sa Israel ay masusumpa, at sinuman ang magpala sa kanya ay pagpapalain." At kaya ibinaba ang mga hambalang at nakatawid sa kapatagan ang Israel. Ipinangako ng Diyos na kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway.

22 Paglaon, ng ilang taon, may isa na umusbong na ang pangalan ay Daniel, na nasa hanay ng Maharlikang Binhi na ito, at nasa hanay ng mga pangako, dahil siya'y Binhi ni Abraham. At pinili na siya ng Diyos noon pa man bago itatag ang sanlibutan, para maging Kanyang propeta, at siya'y namuhay nang magiting at namuhay nang matapat. At kahit naroon siya sa isang dayuhang lupain, kanyang inilayon sa kanyang puso, "Hindi ko dudungisan ang aking sarili na makihalubilo sa kanila." Ganyan ang tunay na Binhi ni Abraham; nakatira sa isang lupain na iba, nakatira sa gitna ng mga tao na iba, pero sa kabila nun ay matatag sa pangakong 'yun. "Hindi ko dudungisan ang aking sarili na makihalubilo sa kanila. Ako'y mananatiling tapat."

23 Inilagay siya ng Diyos sa isang pagsubok gaya ng ginawa ng Diyos sa kanyang ama, na si Abraham. At ang sabi ng hari, "Alinman na magiging katulad ka namin at sasamba sa paraan ng pagsamba namin, o ipatatapon kita sa lungga na puno ng gutom na mga leon."

24 Si Daniel, katulad ni Abraham na kanyang ama, ang sabi, "Sige't ipatapon n'yo ako sa lungga ng mga leon, pero hinding-hindi ako yuyuko sa alinman sa mga imahe mong ito. Hindi ako sasanib sa pormal mong relihiyon. Mananatili akong tapat kay Jehovah."

25 At dumating nga roon ang pagtutuos. Ginawa ng hari ang sinabi niya at dinakip ang propeta, o pinadakip siya't ipinatapon sa lungga ng mga leon. At noong ang mga leon, na kaaway ni Daniel, ay padambang susugod na sa propeta, tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako. Kanyang kinamit ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Nagpatayo ang Diyos ng isang Anghel doon sa harap ng mga leon na 'yun, at kinamit ang pintuan. Tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako. "Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Diyos mismo ang nagsabi.

26 Tapos may tatlo pa na dumako roon na ipinangako ng may katapatan ang kanilang sarili para sa layunin, na mga tunay na Binhi ni Abraham, at 'yun ay sina Sadrach at Mesach at Abednego, at sila'y pinadaan sa pagsubok. At ang sabi nila, "Kung hindi kayo yuyuko kapag narinig n'yo ang mga alpa na tumutugtog at ang mga trumpeta na umiihip, kung hindi kayo yuyuko sa aming relihiyon, at lalayo kayo mula sa mga bagay na inyong—inyong pinaninindigan! At mahihina naman kayo, siyanga. Ang relihiyon n'yo ay tulad din naman ng sa iba." Hindi ba't lagi nating naririnig 'yan sa tuwina? Pero ang—

ang relihiyon ni Jesus Cristo'y iba. Iba ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Tayo'y naiibang tao, isang kakaibang tao, isang maharlikang pagkasaserdote. Ang Diyos ang nagbubunsod ng kaibahan.

27 Pero noong sabihin nila, "Kinakailangan n'yong maging isa sa amin." Magiging maayos lang naman 'yun kina Sadrach at Mesach at Abednego kung nagnais din sila na maging isa sa kanila, pero ayaw na ayaw nila kailanman na maging isa sa mga dayuhang ito. Ngayon, ang sabi nila, "Kung hindi n'yo gagawin 'yun, may pinto kami rito patungo sa isang hurno, na puwede naming buksan at itatapon namin kayo roon sa loob, at magsisisi kayo na sana naging isa na lang kayo sa amin."

28 Kanilang inalala ang pangako. Pinamartsa sila papunta dun sa nag-aapoy na hurno. At nung buksan nila ang pinto't itapon sila sa mga liyab, 'yung kaaway na tutupok sa kanila, kinamit nila ang mga pintuang-bayan ng kanilang kaaway. Ipinadala ng Diyos ang Kanyang Sariling Anak sa loob ng mga liyab na 'yun ng apoy at pinalamig ang simoy, at nakipag-usap sa kanila habang naroon sila. Nanatiling totoo ang pangako ng Diyos. Kinamit nila ang pintuang-bayan ng kaaway. Unang-una'y sinubok muna, at pagkatapos ay kinamit nila ang pintuang-bayan ng kaaway.

Hindi ba't si Jesus ang Siyang nagbitiw ng pangako? "Kung magbibigay kayo ng ikatitisod sa isa sa maliliit na ito, mas mabuti pa na bitinan ng malaking batong gilingan ang iyong leeg at malubog sa ilalim ng dagat. Huwag na huwag kayong magbibigay ng ikatitisod sa mga maliliit na ito na sumasampalataya sa Akin. At ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya sa Akin."

29 Siya ang gumawa ng kaibhan. Nagbunsod Siya ng pagpapakita kung ano ang sumasampalataya at kung ano ang di sumasampalataya.

Mayroon, sa tuwina, may tatlong kalipunan ng mga tao, 'yun ay: ang di-mananampalataya, ang kunwang-mananampalataya, at ang mananampalataya. Pero ang Diyos ay may paraan ng pagpapatunay kung sino ang mananampalataya. Ang mananampalataya ay siyang tumatayo nang matatag sa kung ano ang sinasabi ng Diyos na Katotohanan. Oo.

30 Hayan nga si Elias, na Thisbita, noong dumating ang isang pagtutuos, inakala niya na siya na lang ang nag-iisa sa buong bansa na nananatiling namumuhay para sa Diyos. At lilitisin na siya noon ng hari. At inusig nila siya. At 'yung munti't, pinturadang reyna, na ang pangalan ay Jezebel, ay nagbanta sa kanyang buhay. At noong sumapit ang pagtutuos, kinamit ni Elias ang mga pintuang-bayan ng kanyang kaaway at ibinaling ang buong bansa na manumbalik sa Diyos uli. Tinutupad ng Diyos ang Kanyang pangako.

31 Hayun nga si Moises, yamang nasa hanay ng maharlikang Binhi na ito, ang Binhi ni Abraham, na noong isugo siya na pumunta sa Egipto, para palayain ang mga anak ni Israel; at pinagkalooban siya ng Diyos ng mga tanda't mga kababalaghan para ipamalas, at para hagupitin ang lupa, at magpalitaw ng mga palaka, at mga pulgas, at ng kadiliman, at graniso, at ulan, at apoy, at ipinamalas ang lahat ng mga himala na 'yun. Pero, mangyari nga na noong pangunahan na niya sila palabas sa pamamagitan ng kamay ni Jehovah, dumating 'yung sandali na kinaharap niya ang pintuang-bayan sa pagitan niya at ng ipinangakong lupain. Naroon ang Dagat na Pula, isang hambalang sa daan. Sila'y pinalibutan ng hukbo ni Faraon, ng mga bundok, at ng mga disyerto, at ng Dagat na Pula. Pero humakbang pasulong si Moises at kinamit ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway, at tinawid ang Dagat na Pula, na di nababasa ang paa, na parang naglalakad siya sa isang maalikabok na kalsada. "Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway." Diyos mismo ang may sabi, at 'yun na 'yun.

32 Mga ilang taon lang pagkatapos nun na dumating ang mga pagsubok, at ang iglesya'y naliglig nang lubos, gaya lang ng karaniwang nangyayari sa isang kongregasyon ng mga tao kapag may bagay na nangyayari na hindi ayon sa paraan na iniisip nilang mangyari. Haya't ibinibunsod 'yun ng Diyos na magkaganoon. Ang Diyos ay nagdadala ng tensyon sa loob ng iglesya, "Bawat anak na lumalapit sa Diyos ay kinakailangan na masubukan, at maputanayan, at masubok." Ipinahihintulot Niya ang karamdaman na tumama sa inyo. Ipinahihintulot Niya ang mga sakit na dumako sa inyo, para subukin kayo at para patunayan kayo, para ipakita sa mundo na kayo'y tunay na Binhi ni Abraham. Ipinahihintulot Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang Sariling kalooban. Ipinahihintulot Niya ang mga sakuna. Ipinahihintulot Niya ang mga kaibigan na bumaligtad laban sa inyo. Ipinahihintulot Niya ang lahat ng mga bagay na ito, at hinahayaan ang diyablo, para tuksuhin kayo. At gagawin ng diyablo ang lahat maliban sa kunin ang inyong buhay. Maaari nitong iratay kayo sa banig ng karamdaman. Maaari nitong ibaling ang inyong mga kapitbahay laban sa inyo. Maaari nitong ibaling ang iglesya laban sa inyo. Maaari nitong gawin ang halos lahat, at ito'y kalooban ng Diyos na gawin nito ito. Itinuro sa atin na ito'y pinipitagang higit kaysa sa ginto, para sa atin.

33 Paano naman si Abraham kasama si Isaac, sa bundok, sa isa na 'yun na ipinagkaloob ang pangako? At sa kanyang katapatan at kanyang pagkabatid, at kanyang pananampalataya kay Jehovah, 'yun nga'y sa pamamagitan nun, at 'yun lamang, na ang Diyos ay tumunghay pababa at nagsabi, "Kakamtin ng Kanyang Binhi ang pintuang-bayan. Isinusumpa Ko sa Sarili Ko na gagawin Ko ang mga bagay na ito." Wala na ngang higit

pa na mapapanumpaan Niya, kaya naman nanumpa Siya sa Kanyang Sarili.

Tapos, kung naibunsod Niya si Abraham na masubok doon noon sa huling sandali na 'yun, marapat lamang na Kanyang susubukan din kayo at ako para sa huling sandali na 'yun, sa oras na 'yun ng pagpapasya sa panahon na ang lahat ay malayo sa inyo. Kinakailangan mong tumindig na mag-isa roon. Hallelujah! Hayun nga 'yun.

34 Tatayo kayo mag-isa. Lumakad kayo roon at sabihin, "Gayong patayin man Niya ako, ako'y magtitiwala pa rin sa Kanya." Hayun ang Binhi ni Abraham. Hayun ang Isa na 'yun na nagbigay ng pangako. "Kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba sa kanila, gawin ng iba sa kanila; sa akin at aking tahanan, kami'y maglilingkod sa Diyos." Sabi, "Sabihin man ng iba, 'Walang mapapala diyan sa karanasan na 'yan. Kung anu-anong kumpol lang 'yan ng pagkapanabik'; basta't sa akin at sa aking tahanan, kami'y maglilingkod sa Diyos."

At nais kong kunin ang sinabi rito ni Pablo, at sabihin, "Sa daan na tinatawag na 'hidwa' sasamba ako sa Diyos ng ating mga magulang."

"Kahit sila pa'y mga madadaldal na pumapasok sa iglesya, kahit sila pa'y mga nagbabaluktot ng istorya, at kahit nariyan pa ang lahat na ng uri ng bulaang mga propeta't lahat na na nakapasok sa iglesya sa kalagitnaan ng mga tao, at sa pamayanan at lahat na; basta't para sa akin at para sa aking tahanan, kami'y maglilingkod sa Panginoon. Kahit lahat sila'y hihinto sa pagpunta, at kahit ang iglesya'y magiging malamig, walang pakialam; ako at ang aking tahanan, kami'y maglilingkod sa Panginoon. Kahit may ipanalangin pa't hindi gumaling; wala nga 'yung kinalaman dito; basta't ako at ang aking tahanan, maglilingkod kami sa Panginoon." Kahit may mga pagsusulit pa't mga pagsubok.

35 Ang mga tao'y hindi di-maaaring magkamali, ang Diyos lang ang ganoon. Sa tao, kung ang isip n'yo ay itutuon n'yo sa tao, ang tao na 'yun ay nagkakamali. Marahil hindi niya sinasadya, pero talagang magkakamali siya. Ipinahihintulot ng Diyos na magkamali ang tao para mayanig Niya ang iyong pananampalataya palayo sa tao. Ang pananampalataya nati'y di nakasandal sa karunungan ng tao, bagkus ay sa kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo. Diyan isinasandal ng tunay na Binhi ni Abraham ang kanilang pangako. Dahil, magiging Binhi lamang sila ni Abraham kapag natanggap na nila ang Espiritu Santo. Kung wala ang Espiritu Santo hindi sila Binhi ni Abraham. Ang siya ring pananampalataya na nakay Abraham ay dumadako sa mananampalataya. Kahit ano pang mangyari o kahit gaano pang salungat, ang mananampalataya'y patuloy sa pagmartsa.

36 Bumalik ang mga tiktik at ang sabi, "Oh, isang—isang kahibangan ang magtangka man lang. Wala ring mangyayari kahit magtangka pang umusad, dahil ang mga taong 'yun dun ay mala-higante. At grabe ang namamahala sa kanila, at may—may mga sibat sila, at, naku, magmumukha lang tayong mga tipaklong kung itatabi sa kanila."

37 Di ko po alam, pero kumbinsido akong paniwalaan na si Josue'y isang taong bansot, hayan nga't munti't, maliit na tao. Nakikinita ko siya na lumukso, sa ibabaw—sa ibabaw ng isang kung anong kahon, at sabi, "Mga kalalakihan at mga kapatid," sa dalawang milyong tao, "tayo'y higit na may kakayahan na gapiin sila." Kita n'yo? Bakit? Hayun nga 'yung Binhi ni Abraham. Nagbigay ang Diyos ng pangako. Kanilang pagmamay-ari 'yun. Ang Diyos ay nagbigay na ng pangako. Hindi mahalaga kung ano pa ang kalaban, ang sabi ng tunay na Binhi ni Abraham, "Magagawa nating makuha 'yun dahil ibinigay na 'yun sa atin ng Diyos."

38 Hayan kayo na nakatayo sa umagang ito. Hayan nga na nakatayo ang Iglesya ng buhay na Diyos. Hindi ko alintana anuman ang sabi-sabihin ng iba, anuman ang sabi-sabihin ng doktor, anumang iba, anumang sabi-sabihin ng di-mananampalataya, tayo'y hindi dehado sa anuman na dumating. Tayo'y Binhi ni Abraham, at kakamtin natin ang pintuang-bayan ng ating kaaway, kahit na ano pa ang kaaway. Nagbigay ang Diyos ng pangako. Yun nga ay sa kanila, kanilang pagmamay-ari.

39 Ang kagalingan ay inyong pagmamay-ari. Ang kaligtasan ay inyong pagmamay-ari. Ang Espiritu Santo'y inyong pagmamay-ari. At napakarami't, libo-libong mangangaral at iba pa sa lupain ngayon, ang nagsasabi, "Hindi ganyan." Pero batid nga ito ng Binhi ni Abraham. Sila'y sumusulong mismo patungo roon at kinakamit ang mga pintuang-bayan ng kaaway. Sinabi ng Diyos na magagawa nila. Naniniwala sila dahil ito'y isang pangako. "Kakamtin ng Kanyang Binhi ang pintuang-bayan ng kaaway." Ngayon kayo'y dadaan sa mga pagsusulit, mga pagsubok.

40 At tumindig doon si Josue, na tapat. Ang sabi nung maliit na tao, "Hindi ko alintana gaano man silang kalalaki. Hindi ko alintana anumang uri ng sibat ang mayroon sila, gaanong kataas man ang pagkakapader ng kanilang mga siyudad, at gaano mang katibay 'yun. Ang pangako sa atin, ay, 'Ang pintuang-bayan ay kakamtin ng mga anak ng Binhi ng Diyos,' at tayo'y dadako roon para kunin ang mga 'yun. Sila'y mas dehado sa atin." Oh, 'yan ang tunay na Binhi.

41 Marami sa kanila na ipinanganak, na natural na binhi, ang nagsabi, "Hindi natin magagawa. Wala ring mangyayari kahit tangkain pa natin. Kita n'yo, mas higit ang bilang nila sa atin.

Mas daig nila tayo; nalalamangan tayo sa lahat." Kahit na ano pa, hindi siya . . . Nakatingin sila sa . . . kung ano ang nakikita ng mata. At si Josue ay nakatingin sa kung anong sinabi ng Diyos.

42 Ang Binhi ni Abraham ay hindi tumitingin sa anumang natural na mga bagay. Nakatingin sila sa kung anong sinabi ng Panginoon. Yun ang pangako. Ano kaya kung tumingin noon si Abraham sa natural? Sa isang babae na sandaang taong gulang na . . . Siyamnapu ang edad, ang asawa nga niya. At siya nama'y sandaan ang edad. At kasama na niya siya mula noong kabataang babae pa lang ito, at siya nama'y kabataang lalaki, at walang binhi. Hindi siya tumingin sa ganoon. Ang sabi niya'y ibinilang niya ang mga bagay na 'yun na tila hindi, dahil nakatingin lamang siya sa kung ano ang sinabi ng Diyos. "Pagpapalain Kita, Abraham, at pagkakalooban Kita ng binhi kay Sarah." At kanyang sinampalatayanan ito. Hindi n'yo tinitingnan ang kontra. Nakatingin tayo sa kung anong sinabi ng Diyos. Ang Diyos ang nagsabi, 'yun na 'yun.

43 Kaya naman noong makarating na siya sa Jordan, noong gawin na si Josue na punong-komandante ng hukbo, at nakarating sila sa pinaka gilid ng tubig at natatanaw na nila't nakikita ang Jerico. Pero, sa pagitan nila, noong ihanda na ni Josue ang kanyang hukbo, mayroong pintuan. Ang pintuan na 'yun ay tinatawag na Jordan.

Pero may bisa ang pangako ng Diyos sa bawat pintuan. Kahit na ano pang pintuan 'yun, ang pangako ng Diyos ay may bisa. "Kanyang kakamtin ang mga pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Yun na 'yun.

Noong makarating siya sa Jordan noong umaga na 'yun, marahil, naniniwala ako na ang diyablo'y nagbunsod ng mga ulap ng bagyo na nakalutang sa lahat ng dako, na 'yung malapad na matandang maputik na tubig ay malakas ang agos, umaapaw sa kabukiran ang baha. Oh, grabeng sandali 'yun ng pambubuyo! Pero ang sabi ni Josue, "Maghanda kayo, makikita n'yo ang Kaluwalhatian ng Diyos." At pinaging banal nila ang sarili nila at naghanda, naghanda mismo kahit noong oras na ang lahat ay tila ba taliwas. Pero hayun nga ang Binhi ni Abraham, na nanumpa ang Diyos, "Ibibigay Ko sa kanya ang pintuang-bayan." Dumako siya sa Jordan, 'yun ang pintuan niya, at kanyang kinamit 'yun.

44 Darating ang umaga na kinakailangan ko nang dumako sa huling pintuan din. Dadako at dadako rin kayo sa Jordan, pero ang Binhi ni Abraham ay kakamtin ang pintuang-bayan. Kahit na ano pa 'yun, kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng bawat kaaway.

45 Ang lahat ng mga kalalakihang 'yun ay dakilang mga kalalakihan. Namatay sila sa tungkulin. Pero, sa wakas, isang araw sa Betlehem ng Judea, ang Maharlikang Binhi'y

ipinanganak. Na, ang lahat sa kanila'y mga anino na lamang. Ang Maharlikang Binhi ay ipinanganak, hindi sa isang tao. Bagkus ay ipinanganak Siya sa pamamagitan ng isang birhen, na ang Kapangyarihan ay nasa Kanyang mga ugat, para panagumpayan ang kamatayan at impyerno. Ang Diyos ay nangako. Hindi magagawa 'yun ng isang ordinaryong tao. Pero yamang ang Diyos ang nangako, Siya'y ang siya pa ring Diyos mga ilang minuto ang nakararaan kung paano Siya noon, kay Abraham, si Jehovah-jireh, ang Panginoon ay maglalaan ng daan para panagumpayan ang pintuan. Papaano natin magagawa 'yun? Namatay si Josue. Namatay si Moises. Ang iba pa sa kanila'y namatay. Pero ang sabi ng Diyos, "Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway." Papaano niya pananagumpayan ang kamatayan? Siya'y may pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay. "Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway."

46 Ang Maharlikang Binhi'y ipinanganak. Siya'y tinukso sa bawat paraan gaya natin. Kung papaano kayo natukso, ganoon din Siya. Inambahan Siya agad ng diyablo, noong tanggapin Niya ang Espiritu Santo, doon sa ilang nang apatnapung araw at gabi, para tuksuhin. At noong lumabas na Siya roon. . . At sa Kanyang kamatayan, pinakuan nila ang Kanyang mga kamay, at dinuraan ang Kanyang mukha. Dinanas Niya ang bawat karamdaman. Anupa't noong narito Siya sa lupa noon, pinatunayan Niya na kaya Niyang pagtagumpayan ang karamdaman. Noong ang nanay ng asawa ni Pedro'y maratay sa sakit, na palsy, kanyang hinawakan ang kamay ng nanay at nawala rito ang lagnat. Noong magmakaawa ang ketongin sa may pintuang-bayan, "Marumi man! Marumi man! Kung ibig Mo, magagawa Mo akong pagalingin."

47 Sabi Niya, "Aking gagawin. Gumaling Ka." Pinagtagumpayan at kinubkob Niya ang pintuang-bayan ng ketong. Kinubkob Niya ang pintuang-bayan ng lagnat.

Napasunod Niya ang bawat kalikasan sa Kanya. Siya ang Binhi ni Abraham, ang Maharlikang Binhi, ang Isa na yaon na pinagkalooban nung pangako; sa Kanya, kay Abraham at sa lahat na Binhi na sumunod sa kanya, hanggang sa Maharlikang Binhi, at lahat na ng Binhi na sumunod pagkatapos sa Kanya. Ang pangako ng Diyos ay totoo. Pinagtagumpayan Niya ang karamdaman.

Pinagtagumpayan Niya ang tukso. Noong duraan ng kaaway ang Kanyang mukha, hampasin ang Kanyang pisngi, ibinaling Niya ang kabila. Noong hablutin nila ang balbas mula sa mukha Niya at duraan Siya, hindi Siya gumanti. Pinagtagumpayan Niya ang pintuang-bayan ng tukso at kinubkob 'yun.

48 Pagkatapos nga'y sasabihin n'yo, "Hindi ako mapahihintulutan ng init ng ulo ko na mapanagumpayan

’yan.” Ikaw, Binhi ni Abraham, siyanga, po, Kanyang pinagtagumpayan na ito para sa iyo.

49 Noong yamutin Siya, hindi Siya gumanti. Noong libakin Siya, pinanatili Niya ang Kanyang pananahimik. Noong bansagan Siyang isang diyablo, pinanatili Niya ang Kanyang pananahimik. Isa lang ang Kanyang gawain, at ’yun ang gawain ng Ama, at Siya’y humahayo para gawin ’yun. Pagkatapos, sa huli, ipinako nila Siya sa isang krus. Kakaharapin na Siya ng kamatayan. Lahat ng iba pa’y pinagtagumpayan ang mga dagat, at pinagtagumpayan nila ang kalikasan, at pinagtagumpayan nila ang mga leon, at pinagtagumpayan nila ang apoy. Pinagtagumpayan nila ang lahat maliban sa kamatayan. Pero heto ang Isa na pumipintig sa Kanyang utak, sa Kanyang mga ugat, ang Kapangyarihan para pagtagumpayan ang kamatayan. Kaya kinuha na nila ang Kanyang mga kamay at iniliyad Siya at ipinako Siya sa isang krus. Hinampas-hampas nila Siya at hinagupit Siyang lubos hanggang sa lumilitaw na sa Kanya ang Kanyang mga buto. Pero nung gawin na nila, at ginawa na nila ang lahat ng magagawa nila, hinagupit Siya ng kamatayan, sabi, “Ngayon kukunin Kita gaya ng ginawa Ko kay Josue. Kukunin Kita gaya ng ginawa Ko kay Daniel. At gagawin Ko ang lahat ng ito, dahil ibinunsod Kita na mamatay.”

50 At namatay Siya hanggang sa ang araw mismo’y nahiya sa sarili nito. Namatay Siya hanggang sa ang kalikasan mismo’y nahiya’t pumalya sa takbo nito. Ang araw ay lumubog sa tanghaling tapat mismo. Ang mga bituwin ay hindi naglitawan. Namatay Siya hanggang sa ang mga elemento’y dumilim nang husto na hindi mo maaninaw ang kamay mo kahit nasa harap mo pa, tanghaling tapat mismo. Naiisip ko ang kalikasan na marahil nagsabi, “Mamatay na akong kasama Siya.”

51 Kapatid! Ipinadiretso ng diyablo ang Kanyang kalugud-lugod na kaluluwa sa mga balon ng kalaliman ng impyerno. Doon nga’y bumukas ang mga pintuang-bayan, pero lumabas Siya sa ikatlong araw, na pinagtagumpayan ’yun. Amen. “Kakamtin ng Kanyang Binhi ang pintuang-bayan ng kaaway.” Pinagtagumpayan ang kamatayan! Pinagtagumpayan Niya ang impyerno. Doon sa unang umaga ng Pagkabuhay, pinagtagumpayan Niya ang libingan. Ngayon nakatayo tayo, na higit sa mga mananagumpay, sa pamamagitan Niya Na umiibig sa atin.

52 Noong araw na ’yun ng Pentecostes ipinadala Niya ang Espiritu Santo, para ipagpatuloy, doon sa mga Gentil, para humila ng isang Binhi ng pangako. Para maibigay sa mga Gentil, na mga itinakwil, para maibigay sa kanila ang bautismo ng Espiritu Santo, para maipasok sila sa Pangako. Ngayon kamit na natin ang karapatan para pagtagumpayan ang lahat ng karamdaman. Hindi na nga natin kailangang gapiin ito mismo; ito kasi’y napagtagumpayan na.

Kinakailangan lang nating angkinin ang pangako at pumunta't kunin 'yun. Napagtagumpayan na ito. Napagtagumpayan na ang kamatayan. Napagtagumpayan na ang impyerno. Napagtagumpayan na ang karamdaman. Napagtagumpayan na ang tukso. Napagtagumpayan na ang lahat ng mga diyablo. Napagtagumpayan na ang impyerno. Napagtagumpayan na ang kamatayan. Napagtagumpayan na ang libingan. Nakatayo tayo sa pintuang-bayan, na kinukuha na ito, hindi na kailangang magpaputok. Ito'y tapos nang nabayaran mismo.

53 Ang Kanyang kaaway, Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway. Gaanong karami? Makalibong milyun-milyon. Kakamtin Niya ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway, bawat kaaway. Bumangon Siya mula sa patay. Kamit-kamit natin ito dahil Kanyang ibinigay ito sa atin. Ang lahat ng ito'y kaloob na walang bayad, lahat mismo ng nakapaloob, at ang lahat ng ginawa Niya mismo, at pinagtagumpayan ang bawat pintuang-bayan. Pinagtagumpayan Niya ang karamdaman, kinubkob ang pintuan. Ang tanging bagay na gagawin na lang natin ay lumakad papunta sa pintuan, sabihin, "Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Mananagumpay!" Amen.

54 Kapag dumating na ang oras para mamatay, haya't sasabihin ng kamatayan, "Pagmasdan n'yo ako kung papaano ko pababawiin sa kanya ang kanyang relihiyon."

55 "Sa Pangalan ni Jesus Cristo na taga-Nazaret, mahati ka, Jordan!" Kinamit na ng Binhi ni Abraham ang pintuang-bayan.

56 Aba't, ang sabi ni Pablo, noong nakahanda na silang pugutan siya ng ulo, isang Binhi ni Abraham, sabi niya, "Kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Salamat sa Diyos Na nagbigay sa atin ng katagumpayan sa pamamagitan ni Jesus Cristo."

57 Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway, kukunin 'yun. Ngayon, hindi siya bugbog sa may pintuan. Kanyang pagtatagumpayan 'yun at kukunin 'yun. Kanyang kakamtin 'yun. Yun nga'y saklaw ng sarili niyang Kapangyarihan.

58 Sa Iglesya ng buhay na Diyos, sa umagang ito, naroon ang Kapangyarihan para pagalingin ang lahat ng karamdaman. Naroon sa Iglesya ng buhay na Diyos ang Kapangyarihan para pagtagumpayan ang lahat ng tukso. Taglay ng Iglesya ng buhay na Diyos, sa umagang ito, ang Kapangyarihan para gapusin ang kasalanan at itapon ito, at tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo, sa Iglesya ni Jesus Cristo.

"Anuman ang inyong ibigin, hingin ninyo sa Aking Pangalan, at ito'y ipagkakaloob sa inyo. Kaunti pang panahon, at ang sanlibutan (ang hindi-Binhi, ang hindi nabigyang-buhay na binhi) ay hindi na Ako makikita pa. Datapuwat makikita ninyo Ako, dahil Ako'y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang

sa katapusan ng mundo.” Ano? Ang Maharlikang Binhi. “Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo. Patutunayan Ko ang Aking Sarili na Ako’y kasama ninyo, dahil ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya.”

Kakamtin Niya ang binhi ng kanyang kaaway. Kanyang kakamtin. Kakamtin ng Kanyang Binhi ang pintuang-bayan ng kanyang kaaway, kahit na ano pang pintuang-bayan ito. Kung ito ma’y karamdaman, mga tukso, kasalanan, anumang pintuang-bayan ito, ito’y pinagtagumpayan na. At kamit-kamit na ito ng Binhi ni Abraham.

59 Hindi po ba kayo natutuwa, sa umagang ito, na malaman na nakatayo tayo ngayon na higit pa sa isang mananagumpay, higit pa sa isang mananagumpay? Oh, ano pang dahilan at makikipaglaban pa. Tapos na ang pakikipaglaban. Napatunog na ang silbato. Itinaas na ang bandera. At sa gitna ng bawat tumpok ng kasalanan, sa gitna ng bawat silid ng karamdaman, ay ang matandang magaspang na krus, na itinirik sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, na isang Mananagumpay. Ang tanging bagay na magagawa natin ay sumampalataya, tumingin at mamuhay.

“Ako’y sasama sa inyo. Aking patutunayan. Sumusulpot ang mga tao sa huling mga araw, at sinasabi-sabi, ‘Oh, buweno, *lipas* na ’yan.’ Pero Ako’y kasama ninyo. At ang mga bagay na Akin mismong ginawa, dito sa lupa, Ako’y sasainyo, na gagawin ang siya ring bagay. Pagkatapos mapagkikilala nila. Makikita nila Ako. Ang. . .Makikita Ako ng Aking mga hirang. Makikita Ako ng Binhi ni Abraham. Makikilala nila Ako. Makikilala nila Ako. Babansagan Ako ng iba na, ‘Beelzebub,’ gaya ng ginawa nila noon. Pero makikilala n’yo Ako, dahil Ako’y kasama ninyo. Makikita n’yo Ako, makikita ng inyong mata. Makikita n’yo Ako, dahil Ako’y kasama ninyo, maging sa katapusan ng mundo, haya’t ang siya mismong mga bagay na ginawa Ko. Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya, ang siya ring uri ng gawa.”

60 At, ngayon, ang Iglesya ng buhay na Diyos ay may pribilehiyo na tumayo at makita ang nananagumpay, na ibinangong mag-uli na Jesus Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos, na nariyang nakatayo, nabubuhay sa Kanyang Iglesya, ginagawa ang siya ring bagay na ginawa Niya noon. Kung ganoon ay kamit-kamit natin ang pintuang-bayan ng bawat kaaway.

61 Kung may kaaway kayo sa umagang ito, kung ganoon, kapatid ko, ang tanging. . .Kung kayo’y Binhi ni Abraham, pagkatapos na mapakinggan n’yo ito, wala ngang sapat na mga diyablo sa impyerno ang makapapanatili ng pintuang-bayan na ’yan sa harapan n’yo. Bubukas at bubukas ito. Hindi ko alintana

kung ano man ito. Lalakad kayo roon, bilang isang ipinangakong Binhi, sasabihin, "Inaangkin kong akin ito. Akin ito, dahil nanumpa ang Diyos na Kanyang ibabangon si Jesus, at, sa pamamagitan ni Jesus, aking pananagumpayan ito. Pumaparito ako sa Pangalan ng Mananagumpay, na si Jesus Cristo. Tumabi ka. Ako'y dadaan." Amen. "Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway." Kaya naman tumayo kayo riyan, na ang mga balikat ay tuwid at ang inyong kalasag ay nagliliwanag, na balot ng Dugo ng Panginoong Jesus. Makikilala ito ng kaaway.

62 Kung mayroon kayong pangangailangan, kausapin n'yo Siya ngayon habang mananalangin tayo, kayo na mga narito, sa umagang ito, habang iniyuyuko n'yo ang inyong mga ulo. At kung may pangangailangan kayo, magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay kay Jesus? At sadyang mangusap lamang sa inyong puso, sa inyong puso, at sabihin, "Panginoon, nalalaman Mo po ang aking pangangailangan. Ngayon, napakinggan ko po, sa umagang ito, at 'yun po'y sa Biblia, 'Kanyang kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway.' Ako po'y dumudulog para kamtin ang pintuang-bayan. Marahil ako'y may pagkamainitin ng ulo. Marahil kailangan ko ang Espiritu Santo. Hinihila ako pababa ng kasalanan. Ako'y may pangangailangan. Pero ako po'y lumalapit sa pintuang-bayan ngayon. Kakamtin ko ito, sa umagang ito, ang aking pintuang-bayan. Kaya, Iyo pong ilatag ang daan, ako po'y umuusad na."

63 Mapagpalang Diyos, nakikita Mo ang lahat ng mga kamay na ito. At batid Mo na ito'y ang Iyong Salita, Panginoon. Akin po lamang sinisipi Ito, at hinango mula sa Mga Kasulatan. Tungkol sa mga tauhan sa Biblia, kung papaano nila nalupig ang mga kaharian at gumawa ng katuwiran, at inapula ang apoy, ang karahasan ng apoy, at nakatakas sa talim ng tabak, at natikom ang mga bibig ng leon, at, oh, heto pa, na ang mga kababaiha'y tinanggap ang kanilang mga patay na nabuhay, at marami pang bagay, dahil Iyong ipinangako ito. Ito po'y pangako Mo, "Kanyang Binhi." "Ang Iyong Binhi, si Abraham, ay kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway." At tinupad Mo po ang Iyong pangako.

64 Ngayon, ibigay Mo po sa kanila, Panginoon, ang mithi ng kanilang puso. Nawa'y humayo sila mula rito na napagbago nang tao. Nawa'y humayo sila, na nalalaman na sila'y—sila'y mga mananagumpay, dahil ang Maharlikang Binhi'y nanagumpay na para sa kanila. Ang Maharlikang Hari, noong Siya'y dumating, ipinanganak ng isang birhen, Kanyang pinanagumpayan ang bawat kaaway, maski ang kamatayan. Kaya kahit kamatayan ay di matatakot ang Binhi ni Abraham. Kamit namin ang pangako na mamanahin namin ang lupa, at babalik muli sa isang mas maluwalhating paraan, sa isang maluwalhating katawan, matapos na ang pinaka huling kaaway

ay mailagay na sa ilalim ng paa, ng tangi't huling anak ng Diyos na lalapit patungo sa Kaharian.

65 Kung mayroon sa mga nakataas ng kanilang mga kamay, Panginoon, na mga makasalanan, Iyo pong iligtas sila. Sila na mga tumatalikod sa pananampalataya, Iyo pong ipaalam sa kanila na hindi nila kailangang manatiling tumalikod-sa-pananampalataya. Makakamit niya ang pintuang-bayan ng pagtalikod-sa-pananampalataya. Marahil 'yung isa na mainitin ang ulo, isang—isang bulgar, marumi ang dila, o ang puso'y mahalay, o ang isa'y sakim, sa pera, o—o kung anong maruming bagay, Iyo pong ipaalam sa kanila na magagawa nilang makamit ang pintuang-bayan na 'yun. Marahil ito'y karamdaman, Panginoon, mga pagdadalamhati. Makakamit nila ang pintuang-bayan na 'yun, "Sapagkat Siya'y sinugatan dahil sa aming mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa aming kasamaan. Ang parusa ukol sa aming kapayapaan ay nasa Kanya, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay kami'y pinagaling." Kami'y mga mananagumpay, sa umagang ito. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

At maliban pa sa lahat ng 'yun, maliban sa dakilang gawa na 'yun na Kanyang ginawa, Siya'y sumasa amin pa rin. Mangyari nga, na ipinangako Niya na Kanyang gagawin ito. "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita pa ng sanlibutan, ngunit makikita n'yo Ako; sapagkat Ako'y sasama sa inyo, sasainyo, hanggang sa wakas ng kapanahunan." Dalangin ko, Ama, na Iyong ipagkikilanlan ang Iyong Sarili sa lahat at bawat isa, sa umagang ito. Sapagkat hinihingi namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

66 Sumasampalataya ba kayo na 'yan ang Katotohanan? Taimtim n'yong sampalatayanan ito na Katotohanan, na wala ni katiting na pag-aalinlangan sa puso n'yo. Ngayon alalahanin n'yo ito. Ang pagkilos ng Espiritu Santo'y napaka payak na nililito nito ang intelektuwal na pag-iisip. Ang pinaka payak na mga bagay na aking . . . Nasaksihan ko mismo ang Espiritu Santo na ginagawa ito. Nasasabi ko ang ganitong mga bagay na, hayan nga, hindi ko maiisip 'yun sa paraan na 'yun. Kung gagamitin ko kasi ang sarili kong pag-iisip, sasabihin ko, "Buweno, hindi maaaring tama 'yun." Pero laging tama. Napaka payak ng paggawa Niya ng mga bagay. At ginagawa Niya ang mga bagay na ito para mapagkilanlan ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga hirang. Ang Diyos ay kasama ng Kanyang mga hirang. Siya'y nasa gitna ng Kanyang mga hirang. Iniibig Niya sila. At nais Niyang gumawa para sa kanila, at tulungan sila; at sadyang ipaalam mismo sa kanila, na hindi Niya *gagawin* pa lang, bagkus ay *nagawa* na Niya. Nagawa na Niya 'yun. Ito'y sa inyo na. Ito'y pagmamay-ari n'yo na. Ito'y isang kaloob na walang bayad mula sa Diyos na ating Ama, para sa Kanyang Iglesya.

67 Ngayon ganoon na lamang na ang intelektuwal na pag-iisip ay mababaluktot, gaya noon sa panahon ni Daniel, at sa panahon ng mga binatilyong Hebreo, at—at sa marami pa na pinag-uusapan natin sa umagang ito. Kita n'yo, ang bantog na intelektuwal na daigdig noong panahon na 'yun ay sadyang mahirap mapagtagumpayan noon kung papaano rin ngayon. Laging ganoon ang kaaway, sa paraan ng pananaw nila, at moderno nilang siyensya't mga bagay-bagay, anupa't ganoong kakomplikado't mga bagay-bagay, sa pag-iisip noong panahong una, gaya ng sa atin sa panahon ngayon. Kita n'yo, ganoon pa rin. Pero mayroon nga, sa tuwina, na may lakas ng loob na manatili roon at magsasabi, "Tama ang Diyos. Ang Salita ng Diyos ay totoo."

68 At, kayo, hindi n'yo kailangan panagumpayan pa, dahil Kanyang pinagtagumpayan na. Ang tanging bagay na kailangan n'yong gawin ay tumungo roon at kunin, tumayo mismo sa pintuang-bayan, sabihin, "Akin ito. Ito'y akin. Ibinigay ito sa akin ng Diyos, ang aking kaligtasan. Kung nagnanais ako ng Espiritu Santo, ibinigay na Ito sa akin ng Diyos. Ang pangako ay sa akin, at sa aming mga anak, lahat man ng mga nasa malayo, kung gaano ngang karami ang tatawagin ng Panginoon." Yan ang dahilan kung bakit ako naninindigan. Sadyang . . .

69 Ang aking pagmi-ministeryo, ukol sa espirituwal na pagkilala na ito at iba pa, malapit na itong humantong sa katapusan ngayon. Oh, lagi 'yung naroon. Pero tatapusin na nito ito kalaunan, dahil magiging mas dakila ito. Kita n'yo? Papataas mismo; mula sa paghawak sa kamay, hanggang sa espirituwal na pagtalos, at ngayon ito'y nakahanda nang magpangyari ng panibago. Kita n'yo? Tingnan n'yo ito. Masdan n'yo ito at alamin na totoo ito. Kita n'yo? Alam ko na ito ang Katotohanan. At ito'y magiging mas higit na dakila, mas mataas, mas mainam. Sigurado. Anupa't, Kanyang ipinangako ito. At anumang ipangako Niya, Kanyang ginagawa. Hinding-hindi Siya maaaring mabigo sa Kanyang pangako. At ano 'yun? Ang Kanyang palagiang-nabubuhay na Presensya'y kasama natin, upang ibunsod 'yun, ibunsod na malaman n'yo na Kanyang kinamit na ang pintuang-bayan para sa inyo.

70 Siya ang Maharlikang Binhi. Walang iba na makapapanagumpay sa mga pintuang-bayan na 'yun kundi Siya. Ang lahat ng mga 'yun noon ay mga anino ng Kanyang pagdating. Pero sa Kanyang pagdating, tinapos nun ang buong pakikipaglaban. Ang pakikipaglaban ay tinapos sa Getsemani at sa Kalbaryo. At ngayon tumatayo na lamang tayo, bilang mga mananagumpay. Wala nang gagawin pang pakikipaglaban. Tayo . . . Tapos na ang pakikipaglaban. Inaari na natin ito, na kalakip na rito ang titulo. Isang nasusulat mismong garantiya ng Diyos, na ating Ama, na Siyang nagtaas ng Kanyang kamay, ang sabi, "Ipinanunumpa Ko sa Aking Sarili na ang kanyang

Binhi'y kakamtin ang pintuang-bayan ng kaaway." Hayun nga ito. Yun nga'y nakuha na. "Siya'y nasugatan *na* dahil sa ating mga pagsuway. Sa pamamagitan ng mga latay Niya ay gumaling *na* tayo." Napangyari na. Isa na itong tapos na gawa. Atin na lamang kinakamit ito. "At ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Ang Hari'y kasama natin ngayon, sa umagang ito. Ang Kanyang dakilang mga pagpapala, ang Espiritu Santo, ay kumikilos sa ibabaw natin. Ang maramdaman ang maluwalhating pakiramdam na 'yun, ang mabatid na ito'y saktong nakalakip sa . . . nakalinya sa Salita ng Diyos. Nagbubunsod nga ito ng sadyang kamangha-manghang kasiyahan, ang malaman na—na ang Diyos ang ating Ama.

71 Ngayon, sa palagay ko, nakapamigay ba siya—ba siya ng mga prayer card sa umagang ito? Nabanggit ko sa kanya, na ayos lang, kung ang mga narito'y pawang mga taga-tabernakulo, buweno, huwag nang mamahagi ng prayer card. Pero kung—kung higit sa sampu, labing-limang tao, o parang ganun, ang mga baguhan sa pintuan, sige, mamigay ng prayer card, para mapadako natin sila rito sa itaas at maipanalangin sila. Ilan po ba ang baguhan na kasama namin sa umagang ito? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Oh, mainam! Sige. Nasa labing-lima o dalawampu pala. Sige po. Papipilahin na natin ang mga may prayer card at paaakyatin sila sa entablado. Kita n'yo, ang dahilan po kaya nabanggit ko ang tungkol sa mga taga-rito sa "tabernakulo," sila'y mga taga-rito.

72 Ang espirituwal na pagkilala na ito. Tandaan n'yo ito, sinasabi ko ito. Malapit nang magtapos ang espirituwal na pagkilala. Magkakaroon ng bagay na mas higit at mas mainam, na paparating na. Nandiyan, ang kakilala ko, nakikita at nakatingin ako sa dalawang kapatid na lalaking ito ngayon, na naroon kahapon kasama ko, noong mangyari 'yun, kita n'yo, at noong isang araw bago 'yun, noong mangyari 'yun. At tatlong beses na magkakasunod 'yun, ngayon, na nangyari ito, isang pagpapatunay mismo na ito'y napipinto na, kita n'yo, napipinto na itong mangyari.

73 Ngayon, Panginoon, Ikaw po'y Diyos, at kami'y Iyong mga lingkod. Pinasasalamatan Ka namin para sa Iyong Salita, para sa Espiritu Santo, Na pinagpala ang aming mga puso. At ngayon kami'y nagagalak. Nakaupo kami rito, nalalaman na kami'y mga mananagumpay. Amin nang kamit ang lahat ng pintuang-bayan ng kaaway. Ipinagkaloob na ito sa amin, at nasa amin na ang susing nakapagbubukas nang lahat dito sa aming kamay. Ang Pangalan ni Jesus Cristo'y mag- . . . ang magbubukas ng bawat pintuang-bayan ng kaaway. Iyo pong kunin ang susi na ito, ang susi ng Pangalan ni Jesus, at mag- . . . buksan ang bawat pintuang-bayan ng kaaway na tumatali sa inyo palayo mula sa anumang pangako.

At, Diyos, sa umagang ito ay lumalapit kami sa Pangalan ni Jesus, na gamit ang susi na ito, para buksan ang mga

pintuang-bayan para sa mga maysakit at nagdadalamhati. Sapagkat nasusulat sa—sa Kanyang Salita, "Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo. Magsasalita sila ng bagong mga wika. At kung hahawak sila ng ahas, o makaiinom ng bagay na nakamamatay, hindi ito makapipinsala sa kanila. Magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa maysakit at sila'y magsisigaling." Nalalaman po namin na ang mga bagay na ito'y totoo. At Iyo pong ipagkaloob, sa umagang ito, Panginoon, na kanilang, ang mga tao'y makita nila ito, sa pamamagitan ng paghahayag ng Salitang naging laman at nananahan sa kalagitnaan namin, na, "Siya'y nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang; sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling kami." At nawa'y tanggapin nila ito at mapagaling, sa umagang ito, mula sa lahat ng karamdaman nila't mga sakit at mga suliranin. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

74 Maaari mo bang tugtugin, Teddy, ang *Only Believe*, nang taimtim at marahan, kung magagawa mo.

At ano po? Nagsimula ba kayo sa bilang isa? Bilang isa, na prayer card. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, o kung anuman. Sige po. Magagawa n'yo po ba nang taimtim, kung kaya n'yong tumayo, pumunta po kayo rito sa gilid na ito.

[May isa na nagsasabi, "Ilan po ang tinawag n'yo?"—Pat.] Huh? [May isa na nagsasabi, "Sapat na 'yan. Sapat na 'yan."] Mga . . .

Sige't tingnan po natin, bilang isa, bilang dalawa. Sino po ang may hawak ng bilang isa na prayer card? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Nasa akin po."—Pat.] Sige. Bilang dalawa. Sige, po. Bilang tatlo, bilang apat, bilang lima, bilang anim, bilang pito, bilang walo, bilang siyam, bilang sampu.

75 Habang papalapit po sila at pumupuwesto sa pagkakatayo, nais kong magtanong ng katanungan sa iba pa sa inyo. Ilan po, na mga taga-rito sa tabernakulo, ang may sakit? Mga taga-rito po sa tabernakulo, itaas n'yo ang kamay n'yo. Mga lima . . . apat, lima, anim, pito, walo. Walo o siyam na kamay. Mayroon po ba rito sa tabernakulo, na mga hindi taga-rito sa tabernakulo, na sila'y bagong mukha sa amin, na nahuli kayo ng dating sa gawain at hindi nakakuha ng prayer card? Maaari n'yo bang itaas ang kamay n'yo? Sinuman na may pangangailangan sa Diyos, na hindi . . . na—na hindi regular na dumadalo rito sa tabernakulo. Sinuman dito na hindi miyembro ng tabernakulong ito, at—at kayo po'y may sakit at wala kayong prayer card, na nais n'yong maalaala sa panalangin? Magagawa n'yo bang itaas ang inyong kamay, bawat isa po? Sige po. Mainam. Sige po.

76 Ngayon hihilingin ko kung maaari ba kayong tumaimtim sa abot ng makakaya n'yo, nang kaunti lang—kaunti lang na

sandali, at pagkatapos tayo'y magpapasimula't mag-uumpisa na. Ngayon sige't tingnan natin. Gaanong karami pa ang puwede diyan, Billy? Sige. Ang bilang sampu ba'y tumayo na riyan? Ang tinawag ko'y isa hanggang sampu.

Labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima, patayuin n'yo na sila ngayon. Kung ang bilang po nila'y sampu, labing-isa, labing-dalawa, labing-tatlo, labing-apat, labing-lima, sila po'y patayuin na. Sige po. Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam, sampu, labing-isa, labing-dalawa. Kulang pa siguro ng dalawa, mula isa hanggang labing-lima. (. . .?. . .pito, walo, siyam, sampu, labing-isa.) Labing-lima, labing-anim, labimpito, labing-walo, labing-siyam, dalawampu.

77 Oh, sandali lang po. Akin pong—akin pong ibinilin sa kanya na mamigay ng prayer card sa mga taong hindi taga-rito sa tabernakulo. Tama po. Kita n'yo? Dahil, ang gagawin po'y, kita n'yo, espirituwal na pagkilala. Sinasabi kasi ng mga tao, "Ang mga tao namang ito'y taga-rito sa tabernakulo." Kita n'yo? Sinasabi ko—sinasabi ko sa inyo. Ilan po sa mga narito. . .ang hindi pa nakadalo rito noon? Patingin po ng inyong kamay, mga hindi pa nakadadalo ng isa man sa mga pagtitipon ko noon. Buweno. Buweno.

Ngayon, sige po, pansumandali ngayon, Kapatid na Teddy.

78 Ngayon sasabihin ko lang po ito, na, lahat kayo'y nabalitaan na noon ang tungkol sa mga pagtitipon, kung papaano ito isinasagawa, siyanga ba, kayo po ba, lahat po ba kayo'y nakadalo na sa mga pagtitipon? Kita n'yo? Noong ang Panginoong Jesus ay narito sa lupa, hindi Siya nag-angkin na tagapagpagaling. Siya ang Binhi ni Abraham, tunay 'yan, at kamit Niya ang pangako sa Kanya. Ang sinabi Niya'y hindi Siya makagagawa ng anuman maliban na ipakita sa Kanya ng Ama. Tama po ba? Tapos sabi Niya, "Hindi Ako makagagawa ng anuman maliban na ipakita sa Akin ng Ama kung anong gagawin." At nakita Niya 'yun sa pamamagitan ng. . .Hindi "maliban na *sabihin* sa Akin ng Ama." "Maliban na *ipakita* sa Akin ng Ama." San Juan 5:19, "Ang nakikita Ko na ginagawa ng Ama, ay gagawin din naman ng Anak."

79 Ngayon sa Kanyang—Kanyang paghayo, nalaman natin, sa pasimula ng Kanyang pagmi-ministeryo, na pagkatapos Niyang kunin ang—ang luklukan ni David. . .[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sa espirituwal na pagsasalita, ang. . .

Noong ang Espiritu Santo'y dumako sa Kanya doon noon sa pagbabautismo, ni Juan, at Siya'y naging ang pinahirang Mesiyas. Ngayon, alalahanin n'yo, Siya ang Anak ng Diyos noong Siya'y ipanganak. Siya ang ipinanganak-ng-birhen na Anak ng Diyos. Pero noong Siya'y maging Mesiyas, ay noon ngang ang Espiritu Santo'y dumako sa Kanya, dahil ang ibig

sabihin ng *mesiyas* ay ang "isa na pinahiran." Kita n'yo? At Siya Yaong pinahiran noong ang Espiritu Santo'y dumako sa Kanya. Napakinggan n'yo na ang pangangaral ko tungkol sa *Ang Cordero At Kalapati*. Pagkatapos nasumpungan natin, na noong Siya. . .Pagkatapos ng apatnapung araw na Siya'y tinukso, Siya'y lumabas na roon.

80 At papaano nagsimula ang Kanyang pagmi-ministeryo, at papaano 'yun nagtapos? Nasumpungan natin, sa Kanyang pagmi-ministeryo na may isang lalaki na nagngangalang Andres, na nagtungo't hinanap ang kanyang kapatid, na si Simon, na isang mangingisda, at dinala siya kay Jesus. At sinabi sa kanya ni Jesus, sabi, "Ang pangalan mo ay Simon. Ang iyong tatay ay si Jonas. Mula ngayon tatawagin kang *Pedro*, na ang ibig sabihin ay 'maliit na bato.'" Naaalala n'yo ba 'yun? At manghang-mangha ang lalaking ito sa sinabi sa kanya ni Jesus!

Ngayon, ganoon ba ang inaasahang gawin ng Mesiyas? Ilan po ang nakakaalam n'yan, sabihin, "Amen." Siya'y magiging Propetang-Diyos. Siyanga, po. Sinabi ni Moises, "Ang Panginoon ninyong Diyos ay magbabangon ng isang Propeta na katulad sa akin. Darating ang panahon na ang sinuman na hindi makikinig sa Propetang ito ay ihihiwalay sa kalagitnaan ng mga tao."

81 Ngayon, pagkatapos nga'y nalaman natin, pagkalipas, ang Kanyang. . . "Pumaroon Siya sa mga Sariling Kanya." Sino ang mga 'yun? Ang mga Judio, sa natural. "At mangyari na hindi Siya tinanggap ng mga Sariling Kanya," kaya ibinunsod Niya na. . . Ngayon kinailangan 'yung dumako sa mga Gentil, kita n'yo, dahil hindi Siya tinanggap ng mga Sariling Kanya. "Datapuwat ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, sa kanila'y ipinagkaloob ang karapatan na maging mga anak ng Diyos." Kaya ngayon bumaling Siya sa mga Gentil, at ganito na ito mismo, nang dalawang libong taon. Pero ngayon pansinin n'yo ang mga bagay na ginawa Niya.

82 Pagkatapos si Felipe, matapos na makita niya na ipinangyari ito, nagtungo siya't hinanap si Natanael, at sinabi kay Natanael ang kanyang natuklasan at kung ano mismo ang ginawa ni Jesus. At namangha si Natanael roon. Halos hindi siya makapaniwala. Pero noong makadako siya mismo sa Presensya ng Panginoong Jesus, noong masumpungan niya kung nasaan Siya, noong makadako siya roon sa Kanyang Presensya, ang sabi ni Jesus, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya."

83 Ngayon, kung kayo ang nakatayo roon, sa palagay mo ba may sapat kayong pagka-espirituwal na mauunawaan n'yo kung Sino 'yun? Sa palagay n'yo ba ganoon din ang gagawin n'yo? Ngayon masdan. Kita n'yo? Ang Lalaking 'yun, isa lamang Estranghero, isang mangi-. . .hayan nga, marahil Siya'y isang mangingisda. Isa Siyang karpintero, ganoon nga Siya. Ang Lalaking ito na

karpintero'y nakatayo roon, isang Lalaking edad-media. At naritong lumapit ang isa pang lalaki. Tumingin Siya sa lalaki, katulad nga sa mga kalalakihan din na narito, sabi, "Narito ang isang Israelita na sa kanya'y walang daya." Buweno, papaano Niya nalaman na isa siyang Israelita? Hindi nga sa paraan ng pananamit niya, dahil pare-pareho naman ang pananamit nila. "Na sa kanya'y walang daya." Papaano Niya nalaman na ang taong ito ay isang—isang lalaki na walang daya?

84 Kaya namangha ang lalaking ito. Yamang isa siyang tunay na mananampalataya, sabi niya, "Rabi," o kapatid, mangangaral, guro, "kailan Mo po ako nakita?" Kita n'yo, tinanong niya Siya.

85 Sabi Niya, "Bago ka pa tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng puno, nakita na Kita."

Sabi nung lalaki, "Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel."

86 Ang sabi ni Jesus, "Dahil sinabi Ko ito sa iyo, ngayon ba'y sumasampalataya ka sa Akin? Ngayon ikaw ay makakakita ng higit pang mga bagay kaysa rito."

87 At 'yan ang dahilan kung bakit naniniwala ako na ang Iglesya ng buhay na Diyos ay makasusumpong ng isang mas higit na bagay kaysa rito. Napipinto na itong mag-umpisa ngayon, malapit-lapit na, kita n'yo, dahil kanilang sinampalatayanan ito. Sila na tinanggihan ito, dahil sa harang ng denominasyon, duda ako kung maniniwala ba sila sa kahit ano. Kita n'yo? Mga bagay. . .Alinman 'yan sa lalakad ka sa Liwanag o bulag ka. Ang liwanag nga'y nakabubulag, o maaari ring magtanglaw sa dinaraanan.

88 May maliliit na ibon, na nakita ko, sa may Statue of Liberty. Sigurado ako na makikita mo 'yun, Kapatid na Thoms, pag-akyat mo dun, kita mo. Yung mga ibon nga'y iniuntog-untog nila ang kanilang ulo hanggang sa mamatay, sa bagay na 'yun doon. At kaya ang sabi ko, "Ano pong nangyari?"

89 Sabi, "Sa halip po kasi na sundan nila ang liwanag, noong bumagyo, para pumunta sa ligtas na lugar, ang ginawa ng mga ibon ay pilit nilang pinapatay ang liwanag. Napatay tuloy nila ang sarili nila."

90 Yan nga mismo ang mangyayari kapag kakalaban kayo sa Liwanag, mapapatay n'yo lang ang sarili n'yo, sa espirituwal. Kayo po'y lumakad lamang sa Liwanag dahil Siya'y nasa Liwanag, pagkatapos tayo nga'y magkakaroon ng pagbubuklod sa isa't isa, ang lahat ng mga iglesya'y mananampalataya at uusad at magtatamasa ng mga pagpapala ng Diyos. Hindi po ba't magiging kahanga-hanga 'yun?

91 Tingnan n'yo po ang babaing Samaritana noong lumapit siya. Isa siyang Samaritana, ngayon (hindi isang Judio), isa pong

Samaritana. At sabi ni Jesus, "Dalhan mo Ako ng maiinom." At nagkaroon ng pag-uusap.

Ito po'y para sa mga baguhan ngayon.

92 At nagpatuloy ang kanilang pag-uusap. Ngayon, hindi pa kilala nung babae na Siya ang Mesiyas. Isa lamang—isa lamang Siyang Lalaki, isang Judio. Nakita n'yo kung papaanong ang unang sinabi nung babae? Sabi nung babae, "Naku, hindi kaugalian para sa inyo na mga Judio na makipag-usap sa isang babaing taga-Samaria katulad nito." Sabi nung babae, "Wala tayong kaugnayan sa isa't isa."

93 Sabi ni Jesus, "Pero kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom. At dadalahan Kita, bibigyan ka ng tubig, na hindi ka na pupunta rito para umigib."

94 Aba, sabi nung babae, "Ngayon sandali lang po." Sabi nung babae, "Sumasamba kami sa bundok na ito, at—at kayo na mga Judio'y sumasamba sa Jerusalem."

95 Sabi ni Jesus, "Pero dumarating ang oras na—na hindi na kayo sasamba sa Jerusalem o sa bundok man na ito, kundi'y sa Espiritu. Dahil ang Diyos ay isang Espiritu, at sila na sumasamba sa Kanya ay kinakailangan sumamba sa Kanya sa Espiritu at Katotohanan." Kita n'yo? Buweno, nagpatuloy Siya, pinagpatuloy ang pakikipag-usap hanggang sa masumpungan Niya kung nasaan ang suliranin sa babae. Ano, alam n'yo ba kung ano ang suliranin sa babae? Mayroon ba ritong nakakaalam kung anong suliranin nung babae sa may balon? Masyadong marami siyang asawa, hindi ba? Kaya ang sabi ni Jesus sa kanya, "Humayo ka at sunduin mo ang iyong asawang lalaki at pumunta rito."

Sabi nung babae, "Wala po akong asawa."

96 Sabi, "Tama. Nakalima ka na, at ang isa na kinakasama mo ngayon ay hindi sa'yo."

97 Sabi nung babae, "Ginoo!" Ngayon masdan n'yo siya. "Ginoo, napaghahalata ko na Ikaw ay isang Propeta."

Kung tutugaygayin n'yo 'yung mababasa sa gilid ng pahina, makikita n'yo. "Ginoo," sa orihinal, "Ikaw, napaghahalata ko, na Ikaw ang Propeta na *iyon*." Naalala n'yo, sa Biblia, binabanggit dun sa tuwina, "Ang Propeta na 'yun, Ikaw ba ang 'Propeta na iyon'?" Anong propeta ang tinutukoy? Ang Isa na 'yun na sinabi mismo ni Moises na lilitaw.

"Napaghahalata ko na Ikaw ay isang Propeta. Ngayon, itinuro sa amin, at nababatid namin na kapag ang Mesiyas ay dumating, gagawin Niya ang mga bagay na ito." Yun ang tanda ng Mesiyas. Tama ba? Ang malaman kung ano ang suliranin nung babae. Sabi, "Batid namin na kapag dumating ang Mesiyas, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito. Pero Sino Ka po?"

Sabi Niya, "Ako nga Siya, na nagsasalita sa iyo."

98 Iniwan nung babae ang banga niya. Tumakbo siya sa siyudad, nakikinita ko, na hawak-hawak ang kanyang puso. At nagsabi, hawak-hawak ang kanyang dibdib na lumulukso-lukso, sinasabi, “Halikayo, tingnan n’yo ang isang Lalaki Na sinabi sa akin ang mga bagay na nagawa ko. Hindi kaya ito na ang mismong Mesiyas? Hindi kaya’t ito na mismo ang Isa na ’yun na sinabi ng Biblia na darating? Isa nga lang Judio na nakaupo roon, isang ordinaryong Lalaki, na mukhang isang karpintero. Pero sinabi Niya sa akin na nagkaroon na ako ng limang asawa, at alam n’yong lahat na ’yun ay totoo. Ito na talaga ang Mesiyas.” Tama po ba?

99 Ngayon, sabi ni Jesus, “Kaunti pang panahon, kaunting palugit pa ng panahon, hindi na Ako makikita ng mundo. Gayunman, makikita n’yo Ako, dahil Ako’y sasama sa inyo, sasainyo. At ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo. Higit pa nga sa ginawa Ko rito, ang gagawin ninyo, dahil Ako’y dadako na sa Ama, babalik na sa anyo ng Espiritu.”

Binayaran na ang alay. Namatay na ang Maharlikang Binhi; ang Maharlikang Binhi’y bumangon muli. Ngayon ang Iglesya’y tumatayo na pinag-aring ganap, sa pamamagitan ng pagsampalataya dun, at ang Maharlikang Binhi’y makadadako sa mga taong ito at ipagiging mga kasamang tagapagmana, mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos.

100 Ngayon, sa iba pa sa inyo na nariyan, na wala sa pila na ito para sa pananalangin, ibinilin ko sa kanya na mamigay ng prayer card sa mga tao na . . . nung tawagan ko siya kaninang umaga. Tinawagan niya ako, sabi, “Nais n’yo po bang pumunta at mamigay ng ilang card, daddy?”

101 Sabi ko, “Kung mga nasa sampu ang mga tao na hindi taga-rito sa tabernakulo.”

102 Ngayon, paminsan-minsan sa tabernakulo nagtatawag ako at namimigay ng mga prayer card. Bumabaling kayo, sinasabi, “Buweno, kilala niya kasi sila. Taga-tabernakulo kasi sila. Alam na niya ang kalagayan nila. Siyanga.”

103 Kaya naman bumabaling ako, sinasabi ko, “Sila lang na mga hindi taga-rito sa tabernakulo, ang papipilahin. Buweno. Kayo na mga hindi taga-tabernakulo, kayo po ang papupuntahin dito sa pila para sa pananalangin.”

104 “Oh, hindi nga namin sila kakilala,” sasabihin ng tabernakulo. “Hindi namin alam kung anong suliranin sa kanila. Maaaring nagsisinungaling lang siya tungkol dito.” Kita n’yo?

105 Kaya sasabihin ko, “Wala nang pupunta. Hayaan na mismo ang Espiritu Santo na pumili sa mga narito na mga hindi taga-rito sa tabernakulo, basta’t nakaupo rito.” Kahit ganoon, mayroon pa rin kayong . . .

106 Wala talagang paraan, para ang tao'y maiakay sa Diyos, maliban na itinalaga na siya noong una pa na maging anak ng Diyos. Talaga pong walang paraan para magawa 'yun. Sinabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin maliban na palapitin siya ng Aking Ama." At 'yan ang Katotohanan. Lahat mismo ng gawin Niya, mayroon at mayroong kumokontra. "Kung ginawa Niya ito sa paraan na *ito*, ang dapat sana'y sa paraan na *ito*. At kung sa paraan na *ito*, ang dapat sana'y sa paran na *iyon*." Kita n'yo, 'yun ay di-pagsampalataya mismo. Pero ang karunungan ay pinatototohanan ng kanyang mga anak. Kaya, inyong, nakita n'yo.

107 Ngayon dito, sinisikap kong sabihin sa—sa kongregasyon na ito ng mga tao, ito, na si Jesus Cristo'y ang Maharlikang Binhi na 'yun. Hindi tayo 'yun; Siya 'yun. Tayo'y mga tagapagmana lamang dun, pero ang lahat ng mga bagay ay atin nga. Paano kaya kung naroon kayo noong pagkakataon na 'yun noong lumapit si Simon? At, kayo, wala mismo . . . Yun 'yung unang beses na ginawa Niya 'yun.

108 Ngayon, 'yan po mismo ang unang beses para sa mga taong ito, kung Kanyang gagawin ito. Hindi pa nila ito nakikita noon.

109 Pero noong si Simon nga'y lumapit dun, isang dati nang mangingisda, walang sapat na edukasyon para ilagda ang kanyang pangalan sa kapirasong papel. Sinabi ng Biblia na siya'y "mangmang at walang pinag-aralan." Ang *at* ay isang pang-ugnay. Kapwa, "mangmang at walang pinag-aralan." At pagkatapos noong lumapit Siya roon, bilang tanda, isang puwersa . . . si Jesus, ang sabi ni Jesus, "Ang pangalan mo ay Simon." Ano sa palagay n'yo ang naisip niya noon? Ano kaya ang papasok sa isip n'yo kung naroon kayong nakatayo dun? "At ang pangalan ng tatay mo ay Jonas. At mula sa araw na ito tatawagin ka nang Pedro." Ano, ano kaya ang maiisip n'yo? Binabasa lang ba nung Lalaki ang isip niya? Buweno, kung kayo anong maiisip n'yo? Maiisip n'yo ba na 'yun ang tanda ng Mesiyas?

110 Kung ganoon ang tanda ng Mesiyas sa isang kapanahunan na 'yun, marapat lamang na 'yun pa rin ang tanda ng Mesiyas, sa ikalawang kapanahunan, sa ikatlong kapanahunan, sa ikaapat na kapanahunan. Marapat lamang na 'yun at 'yun din sa bawat kapanahunan, dahil ang Diyos ay hindi maaaring mabago. At ilan ang nakakaalam na ang Mesiyas ay Diyos? Tunay. Iyon mismo ang Pinahiran. Tunay. Kaya hindi Siya maaaring mabago. Kinakailangan na ganoon pa rin Siya.

111 Yan ang dahilan kung bakit kinailangan Niyang ipasaksi ang siya ring bagay sa mga taga-Samaria gaya ng ginawa Niya sa mga Judio. Dahil, ang tatlong nasyonalidad ng tao'y mga lahi ni Ham, Sem, at Japhet; Judio, Gentil, at Samaritano.

112 Ngayon, napansin n'yo ba ang Espiritu Santo? Ilan po ang nakakaalam na nakay Pedro ang mga susi ng Kaharian?

Napansin n'yo ba? binuksan niya 'yun noong Araw ng Pentecostes, para sa mga Judio. Si Felipe'y nagtungo't nangaral sa mga taga-Samaria, at binautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, pero hindi pa dumarating sa kanila ang Espiritu Santo noon. Kinailangan nilang ipadala at papuntahin si Pedro, na nagpatong ng kanyang mga kamay sa kanila at natanggap nila ang Espiritu Santo. Tama po ba? At sa bahay ni Cornelio, tinanggap Ito ng mga—ng mga Gentil. Hayun nga ang lahat ng 'yun. Mula noon, siya'y bukas na sa lahat ngayon. Kaya hayan nga, kita n'yo, kinailangan Niyang buksan 'yun. Ang Diyos ay may pamamaraan ng paggawa ng mga bagay-bagay.

113 Ngayon, sa umagang ito, kung ang Isa na ito Na nagbigay ng Pangako sa Binhi, at kung ang binhi'y nakaupo rito... Gusto kong maniwala na bawat isa sa inyo ay ganoon nga. Kung ang Binhi'y nakaupo rito, tunay na makikita ng Binhi ang Pangako. Ngayon, bawat isa sa inyo na nakatayo rito na nagtaas ng kanilang mga kamay, hindi pa sila nakadadalo sa mga pagtitipon noon. Sila'y mga estranghero sa akin. Hindi ko sila kakilala. Sila'y dumalo lang dito. At mga ilang minuto ang nakararaan, binigyan sila ni Billy ng prayer card, at dito po'y nakatayo sila rito. Marami sa inyo ang nariyan, na nagtaas ng inyong mga kamay, haya't wala kayong mga prayer card, at kayo'y mga estranghero mismo rito. Wala po 'yang anumang magiging sagabal dito. Sumampalataya lamang kayo na kayo'y tagapagmana ng pangakong 'yun. Sumampalataya kayo na sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling kayo. At sampalatayanan n'yo ito nang buong puso n'yo, at masdan n'yo Siya.

114 Ang tanging bagay lamang dito sa kaloob na ito, ay ang ipagpasakop n'yo ang inyong sarili sa Kanya. Hindi po ako ang nagsasalita; Siya po ang nagsasalita. At kung Ito'y ang Kanyang Espiritu ng propesiya, ang propeta't taglay sa tuwina ang GANITO ANG SINABI NG PANGINOON. Iyon nga'y tama sa tuwina. At huwag n'yong kukuwestyunin ang Turo't Aral, dahil marapat lamang na 'yun ay nakalinya sa Biblia, kung 'yun ay sa Diyos. Ang Diyos ay hindi makapagsasabi ng anumang bagay, at pagkatapos ay babaling pabalik at iibahin 'yun. Kinakailangan na siya ring bagay mismo sa tuwina.

115 Ngayon, kayo na mga nariyan, kayo'y sumampalataya. Nang buong nasa sa inyo, sumampalataya kayo. Ngayon huwag na kayong pakilos-kilos pa. Manatili lamang kayo sa pagkakaupo n'yo ngayon, ang lahat po.

Nang sadya ngang marahan at taimtim sa abot ng makakaya n'yo.

Mangyari nga, na sa umagang ito, ang unang tao na nakatayo rito ay isang lalaki. Ngayon kukunin natin ang Kasulatan na ito.

116 Ngayon nakikita n'yo ba kung saan ako nakatayo? Ilan po ang nakauunawa n'yan? Heto ang mga kalalakihan at mga kababaihan na nakatayo rito, na hindi ko pa nakikita kailanman, sa buhay ko. Hindi pa sila nakakadalo kahit kailan sa pagtitipon, at nakikita n'yo kung saan sila nakatayo. Hindi nila alam kung anong mangyayari. Hindi ko alam kung anong mangyayari. Pero ipinangako ito ng Diyos. Hindi alam ni Abraham kung ano mismo ang mangyayari noong hugutin niya ang patalim para patayin si Isaac, pero nangako sa kanya ang Diyos. Sapat na 'yun. Kanyang tinanggap siya bilang isa mula sa patay, yamang nalalaman na magagawa Niya siyang buhayin mula sa patay. Tama ba? Kaya sapat na 'yun.

117 Ngayon, heto ang isang lalaking nakatayo sa tabi ko, hindi ko pa siya nakikita kailanman, wala akong nalalaman tungkol sa kanya. Kami'y estranghero sa isa't isa. Hindi man namin kilala ang isa't isa. Kilala naman kami kapwa ng Diyos.

Ngayon, sa pamamagitan ng isang Makalangit na kaloob, kung magagawa ko sa pamamagitan ng ipinagkaloob... Ngayon, ang mga kaloob na 'yun ay kalakip na noong ipanganak ka. Ang Diyos ay paunang nagtatalaga bago itatag ang mundo. Ilan ang nakakaalam nun? Kaya hindi 'yun dahil sa kung anong mayroon sa akin, kaya nakuha ko ang kaloob na 'yun. Ang Diyos ang sadyang pumili nun. Hindi ako ang pumili nun. Siya ang pumili nun. Kita n'yo? Katulad sa mga propeta noon sa Lumang Tipan, at iba't ibang tao, itinalaga na sila noong una pa lang na gawin 'yun, na gawin ito.

118 Ngayon, kung ang lalaki po'y may sakit, hindi ko siya mapapagaling. Kung ang lalaki'y may pangangailangan, kumpurme nga 'yun sa pangangailangan niya kung matutulungan ko ba siya o hindi. Marahil nga, kung isang bagay 'yun na parang siya...isang munting bagay lang na maaari ko naman siyang matulungan, hayan nga, ikagagalak kong gawin 'yun. Marahil may pagkamainitin siya ng ulo. Marahil hindi pa nga siya isang Cristiano. Marahil isa na siyang Cristiano. Marahil nagkukunwarian lang siya. Hindi ko alam. Ano kaya kung pumunta lang siya para lihim na umatake, nakapuslit, at nagpunta rito at nagkukunwari lang na kung ano? Masdan n'yo kung anong mangyayari, kita n'yo, basta't—basta't tingnan n'yo kung anong mangyayari. Hindi ko alam.

119 Pero, kita n'yo, kung makatatayo kayo rito, kung ganoon ay makatatayo kayo nang ganap, yamang nalalaman na ang Diyos ay nangako, ang Diyos ay tumutupad sa Kanyang pangako. Kita n'yo? Ngayon, kung ang Diyos ay tumutupad sa Kanyang pangako, sa gitna, dito mismo ngayon, sa mga tao; ilan po sa mga narito ang pupuwesto riyan, at nang buong puso n'yo ay sasampalataya rito? Nang buong puso n'yo, ay sasampalataya kayo? Kung ganoon ay maniwala lamang kayo sa akin.

120 Ngayon tingnan natin. Kunin natin ang Kasulatan. Ngayon, si Simon Pedro'y lumapit sa Panginoong Jesus. At sa paglapit niya sa Panginoong Jesus, sinabi ng Panginoong Jesus sa kanya kung sino siya, at—at sinabi sa kanya ang mga bagay tungkol sa kanyang buhay. Buweno, ang siya ring Jesus ay nabubuhay ngayon. Siya . . . Nananampalataya ka ba na Siya'y bumangon mula sa mga patay? Naniniwala ka ba na ang Espiritung pagka-Mesiyas ay nananahan mismo sa Iglesya, sa panahon ngayon, gaya ng pananahan Nito noon sa tuwina? Buweno.

121 Ngayon, kayo na nariyan sa mga tagapakinig, na walang prayer card, kayo po'y tumingin lang nang diretso sa gawi rito at sabihin, "Panginoon!" Siyanga't, walang mga prayer card ang nakaupo sa mga tagapakinig, pinatayo ko na silang lahat dito. Kayo na mga nariyan sa mga tagapakinig sabihin n'yo, "Panginoon, Iyo pong hipuin ako." Tingnan n'yo nga kung anong mangyayari. Tingnan n'yo kung anong mangyayari . . . ? . . .

122 Ngayon, ginoo, kung may paraan lamang sa mundo para matulungan kita, gagawin ko. Kita mo, ako'y isa lamang, tayo'y estranghero lamang sa isa't isa, at ito ang unang beses na aking—aking nakatagpo ka. Pero ako'y may pananagutan, bilang isang ministro, na sabihin ang Katotohanan at maging isang saksi kay Jesus Cristo. At, ngayon, sige't huwag mong sabihin sa akin ang anumang bagay. Nais ko lang sagutin mo ako kung ito ba'y totoo o hindi, at pagkatapos ay hayaan Siyang gawin ito. At kung Siya'y magpapamalas sa siya ring paraan dito sa entablado, sa pamamagitan ng katawang ito, na ginawa Niya noon sa katawan ni Jesus!

Ang Diyos 'yun, na nakay Cristo. Sinabi ni Jesus, "Hindi Ako gumagawa hangga't ang Ama, na nasa Akin, ay ipakita sa Akin. Sinasabi Niya sa Akin kung ano ang gagawin." Kaya hindi si Jesus ang nagsabi roon sa babae. Ang Ama 'yun, na nasa Kanya, ang nagsabi sa babae. Hindi—hindi si Jesus ang nakatalos kung sino si Simon Pedro, ang Ama mismo na nakapanahan sa Kanya, ang nakaalam kung sino si Simon Pedro. Ganoon nga. Kita n'yo? Ganoon 'yun.

123 Sige't sasabihin ko sa iyo, ngayon, isa kang Cristiano, siyanga, po, dahil may—may—may tumatanggap na espiritung pumipintig nang may kaluguran. At, siya, ang lalaki'y isang mananampalataya. Isa siyang Cristiano. At pinahihirapan ka ng isang kondisyon na pagkanerbiyos na nagdudulot sa iyo ng sakit sa tiyan. Tama ba? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Tama po."—Pat.] Kita n'yo? Kita n'yo? Ngayon, ekaskto mismo. Papaano napangyari 'yun? Papaano ko nalaman 'yun? Papaano ko naman malalaman 'yun? Hindi pa naman tayo nagkikita noon. Totoo 'yun. Hindi ba? ["Totoo 'yun."] Marahil magsasabi pa Siya ng ibang bagay tungkol sa'yo. Sinasabi ko sa iyo. Heto ang isang bagay. Nakikinita ko ang isang babae sa tabi mo. Kasama mo ang babae. Asawa mo ito. Kailangan niya ng tulong,

din. Siyanga, po. Sumasampalataya ka ba na masasabi sa akin dito ng Diyos kung anong suliranin sa iyong asawa? ["Alam ko na magagawa Niya."] Buweno, sige. May problema siya sa puso, mga komplikasyon. Tama. Hindi ba? Pagkanerbiyos, din. Siyanga, po. Ngayon, hindi ka taga-rito sa siyudad. *Dito* ka sa direksyong ito dumadaan sa pag-uwi mo, papuntang Cincinnati. Tama. Taga-Cincinnati, Ohio ka. Ang pangalan mo ay Milliken. Bumalik ka, umuwi, na magaling na. Pagpapalain ka ng Diyos at ika'y gagaling, ikaw at ang asawa mo. Pagpalain ka ng Diyos.

Lumapit ka lang, ginoo. Sumasampalataya ka ba? Ngayon manampalataya ka lamang. Huwag mag-alinlangan.

124 Ngayon magpitagan lang po nang mainam. Ang bawat isa po'y magpitagan lamang po nang mainam, tumahimik po. Kita n'yo, napakasensitibo ang Espiritu Santo. Ilan po ang nakakaalam n'yan? Sadya pong sensitibo, ang Espiritu Santo, kita n'yo, kaunting paggambala'y maaabala Siya.

125 Ayon sa mga doktor, mamamatay ka na raw agad, dahil sa sakit sa puso. Tama. Nanggaling ka sa Chicago, G. Mosley. Ang pangalan mo ay Theodore.Sumasampalataya ka ba sa Diyos? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Kung ganoon makauuwi ka na't mabubuhay, sa Pangalan ni Jesus Cristo, at gumaling ka na. Pagpalain ka ng Diyos.

126 Sumasampalataya ka ba sa Diyos? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Tunay po. Sumasampalataya, po."—Pat.] Pinahihirapan ka ng kondisyon sa iyong binti. Taga-ibang bayan ka, rin. Taga-Owensboro, Kentucky ka. Ang pangalan mo ay Gng. Lamb. Umuwi ka na't gumaling na.

127 Ang ginang na nakaupo riyan, ay taga-Owensboro rin. May maga ka sa iyong dibdib dito. Ooperahan na sana, bukas. Humayo ka, na nananampalataya, at mabuhay ka.

128 Sumasampalataya ka ba, ginoo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo, sumasampalataya po."—Pat.] Estranghero tayo sa isa't isa. Ang pangalan mo ay G. Gilmore. Tama. Nanggaling ka naman sa Anderson, Indiana, kung saan naroon ang malaking kilusan ng Church of God. Tama. Nakatayo ka rito para sa anak mong babae na kalahating nagdurusa. Paralisado siya sa kalahati. Sumasampalataya ka ba? Kung ganoon umuwi ka't sumpungan ang anak mong babae sa kalagayan na sinasampalatayanan mo. Buweno. Pagpalain ka ng Diyos. Manampalataya ka. Manampalataya.

129 Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo, ginoo? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Sumasampalataya, po."—Pat.] Taga-Indianapolis ka. Isa kang ministro ng Ebanghelyo. Ang asawang babae mo ito. Uh-huh. May dinaranas din siyang paghihirap. Mayroon siyang problema sa lalamunan. Ang doktor. . .Haya't may sakit siya sa puso; may pagkanerbiyos.

Nakikinita ko na bingi siya sa kanyang tainga. Sige't . . . Lumapit ka rito.

Ang espiritu ng pagkabingi, sa Pangalan ni Jesus Cristo, inuutusan kita sa pamamagitan ng buhay na Diyos, na lumayas ka mula sa babaing ito.

Ngayon maayos mo na akong naririnig ngayon. Makauuwi na kayong dalawa at magaling na kayo. Umuwi na kayo sa inyong tahanan. Naririnig mo na ako, haya't magaling ka na. Iigi ka.

130 Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo? Manampalataya lamang sa Diyos. Manampalataya.

131 Yang artritis na 'yan at bagay-bagay ay napakasama. Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Kung ganoon lumakad ka riyan hanggang sa makarating dun. Umuwi ka, na pinupuri ang Kanyang Pangalan, sabihin, "Salamat sa Iyo, minamahal na Panginoong Jesus."

Ang dahilan kung bakit natalos ko 'yun agad, ang babae na ito'y may ganoon din, mga artritis.

Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Opo."—Pat.] Sige, po. Kung ganoon lumakad ka lang diyan hanggang sa makarating doon, at sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus," at umuwi na.

132 Sige po, kapatid na babae, bumaling ka na't bumalik na, at manampalataya. May paninigas ka sa iyong mga tuhod, 'yan ang ipinarito mo, at ang sakit mo sa puso, at iba pa. Sige't bumaling ka't bumalik na sa iyong tahanan, sabihin, "Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus," at gumaling na. Manampalataya ka nang buong nasa sa iyo.

133 Sumasampalataya ba kayo? Paano naman ang mga nariyan, ilan sa inyo, sumasampalataya ba kayo?

134 Sa munting binibini na nakaupo riyan, na itim ang buhok, na may sakit na epilepsy, sumasampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Diyos? Tinatanggap mo ba? Buweno. Kung tinatanggap mo, Kanyang gagawin ito.

135 Heto pong nakaupo ang isang mangangaral, nakaupo rito, nagnanais nang mas malapit pang paglakad kasama ang Diyos. Hindi po ba, ginoo? Sumasampalataya ka ba na gagawin ito ng Diyos para sa iyo? Itaas mo ang kamay mo at sabihin, "Tinatanggap ko ito." Uh-huh.

136 Sa ginang na nakaupo rito, na ibinaba ang kanyang kamay. May suliranin siya sa espirituwal na iniisip niya. Tama.

137 Heto ang isang munting ginang dito, iniisip kung siya ba'y magkakaanak pa. Tama. Kayo po'y nakadalo na sa isa sa mga pagtitipon ko. Ipinapangako ko sa iyo, sa pamamagitan ng Diyos, ang isang sanggol. Hindi ba? Buweno. Kung

ganoon umuwi ka na't magkaroon nito. Huwag mo na itong alalahanin pa.

138 Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo, lahat kayo? Ang bawat isa ba sa inyo'y sumasampalataya? Kakamtin ng Binhi ni Abraham ang pintuan, ang pintuang-bayan ng kaaway. Kayo ba'y Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ni Jesus Cristo? Itaas n'yo ang inyong kamay kung kayo nga.

Kung ganoon ay patungan n'yo ng mga kamay ang katabi n'yo, ang inyong katabi, sa isa't isa. Magpatungan kayo ng mga kamay sa isa't isa. Kamtin n'yo na ang pintuang-bayan ngayon. Sa inyo ito. Pagmamay-ari n'yo ito. "Ang panalangin ng pananampalataya'y makapagliligtas ng maysakit. Ibabangon siya ng Diyos." Sige, manalangin kayo sa sari-sarili n'yong paraan. Manalangin kayo sa paraan na ginagawa n'yo sa inyong simbahan. Ipanalangin n'yo ang mga tao na nasa paligid n'yo ngayon. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa at manalangin.

139 Panginoong Jesus, kami'y dumudulog sa dakila't, Pinaka Makapangyarihan sa lahat na Pangalang 'yun ng Maharlikang Binhi, ang Binhi ni Abraham, na ipinangako sa Kanya sa bundok kung saan Ikaw ay naglaan ng isang kordero; at inilagay ang kordero na 'yun sa ilang, isang di-malirip na bagay, katulad ng Iyong ginawa sa mga squirrel na 'yun, kahapon.

Dalangin ko, Oh Panginoong Diyos, na magpapadala Ka ng Kapangyarihan, isang pananampalataya. At ibunsod ang bawat Binhi. . . Alam ko na mabubunsod sila, Panginoon, dahil sinabi Mo, "Ang Binhi ni Abraham." At kung mayroon dito na nagpapanggap lang na Binhi, at hindi naman Binhi, patawarin mo po sila para sa kanilang pananadya rito, o pagpapanggap. At nawa ang Espiritu Santo mismo ngayo'y paalabin ang kanilang kaluluwa sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya. Iyo pong ibunsod ang Espiritu Santo na umugoy sa bawat puso at pagalingin ang bawat isa rito. Sila po'y nagpapatungan ngayon ng kanilang mga kamay sa isa't isa.

Sinabi ng Maharlikang Binhi, "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Kung magpapatong sila ng mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling." At ang Isa Na nagbitaw ng pangako'y narito mismo ngayon, ipinapakita ang Kanyang Sarili na narito Siya. Heto ang Binhi na ang kanilang mga kamay ay nakapatong sa isa't isa. "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." Nawa'y ang Espiritu Santo'y dumaluyong sa bawat isa na kanilang mga kamay, patungo sa mga puso ng mga tao, patungo sa mga katawan, at pagalingin ang bawat isa na nasa Makalangit na Presensya. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

Sinasaway ko ang diyablo. Sinasaway ko ang lahat ng di-pananampalataya. Sinasaway ko ang bawat masamang espiritu.

Sinasaway ko ang bawat nagpapanggap. Sinasaway ko ang lahat ng kontra sa Salita ng Diyos. At Iyo pong ibunsod ang Espiritu Santo na dumako sa Kanyang puwesto sa puso ng mga tao, ngayong mismo, sa pamamagitan ng pananampalataya. Nawa ang bawat sakit at bawat karamdaman, bawat pagdadalamhati'y umalis na mula sa mga tao, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

140 Ngayon, Binhi ni Abraham, kayo na ang angkan ay maharlika, kayo na pinangakuan, sa pamamagitan ng biyaya't paglingap ng Diyos, ilan sa inyo ang makapagtataas ng inyong kamay, magsasabi, "Natanggap ko ang bagay na hiniling ko." Salamat. Hayan nga. Para diyan mismo ang pangako. Yan ang dahilan at ibinigay ang pangako, para kayo'y maging tagapagmana ng lahat ng mga bagay, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na nagligtas sa inyo. Iniligtas Niya kayo mula sa kasalanan. Iniligtas Niya kayo mula sa karamdaman. Iniligtas Niya kayo mula sa kamatayan. Iniligtas Niya kayo mula sa impyerno. Iniligtas Niya kayo mula sa libingan.

141 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, pero lahat tayo'y dadako naman doon sa libingan." Pero hindi nga tayo mapapanatili roon ng libingan. Siya man ay nagtungo rin doon, siyanga rin, pero hindi Siya nun napanatili. Tunay. Hindi Siya nun mapapanatili.

142 "Buweno, Kapatid na Branham, ako'y natutukso nang husto." Siya man ay tinukso, rin. Pero Kanyang iniligtas kayo mula sa tukso.

143 "Huwag Mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas Mo kami mula sa masama." Kita n'yo, Kanyang ginawa 'yun. Itong lahat ay pagmamay-ari n'yo na. Ang lahat ay pagmamay-ari n'yo na, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ibinigay Niya sa inyo ang lahat, nang walang bayad. Walang bayad ito, walang kahit na ano. Ito'y sadyang sa inyo na mismo ngayon. Hindi po ba kayo nagagalak dahil dito? Hindi po ba kayo nagagalak dahil sa Kanya? Salamat sa Diyos.

144 Ngayon, magkakaroon po ng mga gawain, dito, mamayang gabi. Opo. Sa gabi na po ito, alas siyete y media ngayong gabi. Sige't ibibigay ko sa pastor para sabihin sa inyo. Sige po. Sige po.

Ngayon, sa susunod na Linggo ng umaga, loobin ng mabuting Panginoon, babalik po ako para manalangin para sa mga maysakit, sa tabernakulo, o saanman.

*Pagkamit Sa Mga Pintuang-Bayan Ng Kaaway* TAG59-1108
(Possessing The Enemy's Gates)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Nobyembre 8, 1959, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org